3


NATIONAL LEARNING CAMP

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Reading

## Consolidation Camp

## Lesson Plan




Government Property
NOT FOR SALE

# Consolidation Learning Camp

# Lesson Plan

# Reading Grade 3

# Table of Contents


Day 1: Lesson 1 .......... 1
Day 2: Lesson 2 .......... 4
Day 3: Lesson 3 .......... 7
Day 4: Lesson 4 .......... 10
Day 5: Lesson 5 .......... 13
Day 6: Lesson 6 .......... 16
Day 7: Lesson 7 .......... 19
Day 8: Lesson 8 .......... 22
Day 9: Lesson 9 .......... 25
Day 10: Lesson 10 .......... 29
Day 11: Lesson 11 .......... 32
Day 12: Lesson 12 .......... 36
Day 13: Lesson 13 .......... 42
Day 14: Lesson 14 .......... 45
Day 15: Lesson 15 .......... 48
Day 16: Lesson 16 .......... 51
Day 17: Lesson 17 .......... 54
Day 18: Lesson 18 .......... 58

## Day 1, Lesson Plan 1

**Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento, usapan, teksto, balita, at tula**

**Key Idea**
- Pag-unawa sa binasang kuwento

**Most Essential Learning Competencies**
- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento, usapan, teksto, balita at tula

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***
Time: 7 mins.

Gawain: Tanong Ko I-Rap Ko, Sagot Mo I-Rap Mo!
Sabihin: Kumusta kayo sa araw na ito? Noong nakaraang taon, natutunan ninyo ang tungkol sa pagsagot sa mga tanong tungkol sa kuwento, usapan, teksto, balita, at tula. Naalala ninyo pa ba ang mga salitang pananong?

Tayo ay mag-rarap ngayon upang maalala ninyo ang mga salitang pananong. Ang mga tanong ay maaring may kinalaman sa pang-araw araw na bagay, karanasan, o pangyayari. Pipili ako ng 3 pares, ang isa ay magtatanong at ang isa naman ang sasagot. Ito ay inyong isasagawa sa pamamagitan ng pag-rap.

Halimbawa:
Tanong: ♪ Ano ang ginagamit mo kapag ikaw ay naliligo? ♫
Sagot: ♫ Ang ginagamit ko ay sabong pampaligo. ♪

Mga Tanong:
Tanong 1: ♪ Sino ang iyong guro? ♫
Tanong 2: ♪ Saan ka nagpupunta upang matuto? ♫
Tanong 3: ♪ Tuwing kailan ka nagsisimba? ♫

Tanong 1: Ano ang tawag sa mga salitang nagtatanong?
Tanong 2: Ano-anong mga salitang pananong?

Teacher Notes: Ang pagbubukas ng aralin na ito ay idinisenyo upang mabalik-aralan ang dating kaalaman at magbibigay sa iyo ng indikasyon ng antas ng pag-unawa ng mag-aaral sa partikular na pagsagot sa tanong tungkol sa Kuwento,Usapan, Teksto, Balita at Tula. Ang mga laro at awit ay nagbibigay ng pampasigla para sa pag-alala ng mga mag-aaral sa halip na umasa lamang sa memorya.

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***
Time: 3 mins.

Sabihin: Sa araling ito ay makasusunod nang wasto sa panuto, makasasagot sa kuwentong binasa at makikilala ang mga talasalitaan.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.

Sabihin: Bago natin talakayin ang aralin sa araw na ito, nais kong bigyan ninyo ng kasing-kahulugan ang salitang may kaugnayan sa kuwentong ating babasahin mamaya.

Mga Tanong:
Sabihin: Ang batang matulungin ay tumutulong sa gawaing bahay kahit hindi na utusan.
Tanong 1: Ano ang kasingkahulugan ng salitang matulungin? Hanapin ninyo.
Sagot: Matulungin (Ipagamit sa pangungusap ang salitang matulungin)

Sabihin: Maraming tanim sa hardin ng aking lola.
Tanong 2: Ano ang kasingkahulugan ng salitang hardin? Hanapin niyo.
Sagot: Halamanan (Ipagamit sa pangungusap ang salitang hardin)

Sabihin: Ang aking munting alaga ay naglalaro.
Tanong 3: Ano ang kasingkahulugan ng salitang munti? Hanapin niyo.
Sagot: maliit (Ipagamit sa pangungusap ang salitang munti)

**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 25 mins.

**4A. Pagbabasa ng Kuwento** (5 minutes)
Sabihin: Ngayon ay alam Ninyo na ang kahulugan ng mga salita, basahin naman natin kung paano ito ginamit sa kuwentong, “Ang Sarap Talaga.”

**Si Allan Matulungin**

Ako si Allan. Ang tawag nila sa akin ay Allan matulungin. Sa umaga pagkagising, agad kong inaayos ang aking higaan at mag-isa na akong maglilinis ng aking katawan. Habang naghihintay ako na maluto ang aming almusal, tinutulungan ko si kuya sa pagdidilig ng mga halaman sa aming hardin. Kapag si ate naman ay nakikita kong naglilinis sa loob ng aming bahay, tinutulungan ko siya sa pagpupunas ng mga mesa. Si tatay naman ay tinutulungan ko sa pagpapakain ng kaniyang mga alagang manok. Pagkatapos naming kumain ng almusal, ako ang laging tagalinis ng mesa. Matapos kong tulungan ang aking pamilya,lalabas na ako ng aming munting bahay upang makipaglaro sa aking mga kaibigan. “Ang sarap talaga kapag araw ng Sabado”.

**4B Mga Katanungan** (10 minutes)
Sabihin: Tingnan natin kung naintindihan ninyo ang tekstong inyong binasa. Sagutin ang mga sumusunod na mga tanong:

Tanong 1: Sino ang batang masipag?
Tanong 2: Saan naganap ang kuwento?
Tanong 3: Kailan daw masaya ang araw para sa mga bata?
Tanong 4: Kung ikaw si Allan, gagayahin mo ba siya?

**4C. Sagot Mo, Iguhit Mo** (10 minutes)
Sabihin: Upang lalo natin maintindihan ang ating binasang kuwento, sasagutan ninyo ang mga tanong sa pamamagitan ng pagguhit sa kahon.

Tanong 1: Ano ang naramdaman mo sa binasang kuwento?
Tanong 2: Sino ang tinulungan ni Allan sa pagdidilig?
Tanong 3: Kung hindi nagawa ni Allan ang mga dapat niyang gawin, ano kaya ang kaniyang magiging damdamin?

**Bahagi 5: *Lesson Conclusion***
Time: 5 mins.

Sabihin: Ngayon, para makita kung natutuhan mo ang aralin ay sagutan mo ang gawain na ito.
Laro: Ayusin ang gulu-gulong mga letra upang mabuo ang tamang salita.
Tanong 1: NOA --Ito ay salitang pananong na tumutukoy sa bagay, hayop at pangyayari.
Tanong 2: NOSI – Ito ay salitang pananong na tumutukoy sa pangalan ng tao
Tanong 3: NASA -- Ito ay salitang pananong na tumutukoy sa lugar.
Tanong 4: IKALAN --Ito ay salitang pananong na tumutukoy sa oras at panahon.
Tanong 5: KITBA --Ito ay salitang pananong na tumutukoy sa dahilan.

Sabihin: Nagustuhan niyo ba ang larong ginawa?
Tanong 1: Ano ang tawag sa mga salitang isinaayos niyo?
Tanong 2: Bakit mahalaga malaman kung ano ang tinutukoy ng bawat salitang pananong?

Sabihin: Ano ang inyong nararamdaman kapag nagbabasa ng kuwento?
Itanong: Paano malalaman kung naiintindihan mo ang iyong binasa?

Sabihin: Sa pagsagot sa mga tanong sa mga kuwento, usapan, balita, at tula mahalagang maunawaan mo ang bawat pangyayari na naganap dito. Mahalagang malaman mo kung ano ang tinutukoy ng bawat salitang pananong. Ibig sabihin, ang mga sagot sa depende sa mga tanong na nakalaan dito. (Sino, Saan, Kailan, Paano, Ano, at Bakit)

Pagtatapos ng Aralin:
Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay magkakaroon pa tayo ng pagsasanay upang mas makasagot nang wasto sa mga katanungan na mula sa kuwento, usapan, teksto, balita at tula

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabanggit sa aralin.

**Day 1, Lesson Plan 2**

**Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento, usapan, teksto, balita, at tula**

**Key Idea**

- Pag-unawa sa binasa at napakinggang kuwento

**Most Essential Learning Competencies**

- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento, usapan, teksto, balita, at tula

**Bahagi 1: *Lesson Short Review***
Time: 7 mins.
Awit: Mga Salitang Pananong (Himig: Ako ay Isang komunidad)

Ano, Saan, Sino, Bakit, Paano (3x)
Mga Salitang Pananong La la la
Ito ay mga salitang pananong
Mga salita sa pang-unawa'y tutulong
Ito ay araw-araw na ginagamit ko
Ano, Saan, Sino, Bakit, Paano

Tanong 1: Ano-ano mga salitang pananong ang binanggit sa awit?
Tanong 2: Bakit mahalaga ang salitang pananong?


Teacher Notes: Ang pagbubukas ng aralin na ito ay idinisenyo upang maisaaktibo ang dating kaalaman at magbibigay sa iyo ng indikasyon ng antas ng pag-unawa ng mag-aaral sa partikular na pagsagot sa tanong tungkol sa Kuwento, Usapan, Teksto, Balita, at Tula. Ang mga laro at awit ay nagbibigay ng pampasigla para sa pag-alala ng mga mag-aaral sa halip na umasa lamang sa memorya.

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***
Time: 3 mins.
Sabihin: Sa araling ito ay masasagot nang wasto ang mga katanungan mula sa tulang binasa.

**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.

Laro: Sagot mo, I-aksyon Mo!
Sabihin: Ating alamin ang kahulugan ng bawat salita na matatagpuan sa tula.
Piliin ang tamang kahulugan ng salita. I-aksiyon ang hugis na may laman ng tamang sagot.

Sabihin: Ang aming mag-anak ay sabay-sabay kumakain.
Tanong 1: Ano ang kahulugan ng salitang mag-anak?




Sabihin: Gamitin sa pangungusap ang salitang mag-anak.

Sabihin: Si Raphael ay laging nakaabang sa pag-uwi ng kaniyang nanay.
Tanong 2: Ano ang kahulugan ng salitang nakaabang?

nakadamit    nakatayo    nakabantay

Sabihin: Gamitin sa pangungusap ang salitang nakaabang.

Sabihin: Nalulunasan ng ama ang problema ng kanilang pamilya.
Tanong 3: Ano ang kahulugan ng salitang nalulunasan?

Nagagawan ng paraan    napapalala    Nagagawang tumawa

Sabihin: Gamitin sa pangungusap ang salitang nalulunasan.

Sabihin: Ang perang nakatago ay nakalaan para sa pag-aaral ni Christian.
Tanong 4: Ano ang kahulugan ng salitang nakalaan?

nakalagay    nakareserba    nakasara

Sabihin: Gamitin sa pangungusap ang salitang nakalaan.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 25 mins.

**4A. Pagbasa ng Tula** (5 minutes)
Sabihin: Ngayon, nalaman na natin ang kahulugan ng mga salita. Atin nang basahin ang tulang "Ang Aming Mag-anak"

**Ang Aming Mag-anak**
Ang aming mag-anak ay laging masaya,
Maligaya kami nina ate't kuya.
Mahal kaming lahat nina ama't ina,
Mayroon ba kayong ganitong pamilya?
Kahit sa paggawa'y pagod ang katawan,
Tulong ni ama ay nakaabang.
Suliranin ni ate ay nalulunasan,
Sa tulong ni inang laging nakalaan.

**4B Mga Katanungan** (10 minutes)
Laro: Mystery Box
Sabihin: Tingnan natin kung naintindihan ninyo ang tulang inyong binasa. Papaikutin natin ang mystery box habang kinakanta ang Tong, Tong, Pakitong Kitong at kung kanino huminto ang mystery box siya ang bubunot at sasagot sa tanong.

Mga Tanong: (Isusulat sa papel at ilalagay sa loob ng mystery box)

Tanong 1: Ano ang pamagat ng tula?
a. Sa Aming Pamilya    b. Ang Aming Mag-anak    c. Ang Aming Kamag-anak

Tanong 2: Sino-sino ang kasapi ng pamilya na nabanggit sa tula?
a. ama't ina b. ate't kuya c. a at b
Tanong 3: Ano ang katangian ng bawat isa sa tula
a. nagmamahalan b. nagtutulungan c. masayahin
Tanong 4: Sino ang laging nakaalalay upang suliranin ni ate ay nalulunasan?
a. kuya b. ina c. ama
Tanong 5: Paano mo pinapahalgahan ang mga ginagawa sa iyo ng ibang kasapi ng iyong pamilya?
a. Sa pamamagitan ng hindi pagsunod sa kanila
b. Sa pamamagitan ng pagtupad ng aking tungkuling ginagampanan.
c. Sa pamamagitan ng hindi pagtupad ng mga tungkuling naibigay sa akin.

**4C. Sagot Mo, Iguhit Mo** (10 minutes)
Sabihin: Upang lalo natin maintindihan ang ating binasang tula, sasagutan ninyo ang mga tanong sa pamamagitan ng pagguhit sa kahon.

Mga Tanong:
Tanong 1: Ano ang iyong naramdaman pagkatapos mabasa ang tula?
Tanong 2: Paano mo maipapakita ang pagmamahal sa pamilya?
Tanong 3: Maliban sa iyong pamilya, sino pa ang maaari mong lapitan?

---

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**
Time: 5 mins.

Laro: Game Ka Na Ba?
Sabihin: Ngayon, para makita kung natutuhan mo ang aralin ay sagutin ang mga katanungan. Pumili at pumila sa letra ng tamang sagot.

Mga Tanong: (Isulat ang titik A, B, at C sa pisara upang sa tapat nito pipila ang mga mag-aaral)
Tanong 1: Ano ang salitang pananong para sa salitang **mag-anak?**
A. Saan B. Sino C. Kailan
Tanong 2: Ano ang salitang pananong para sa pariralang **maligaya kami nina ate at kuya**?
A. Bakit B. Kailan C. Saan
Tanong 3: Ano ang salitang pananong para sa salitang **tahanan**?
A. Bakit B. Kailan C. Saan
Tanong 4: Ano ang salitang pananong na **tumutukoy sa oras o panahon**?
A. Bakit B. Kailan C. Saan
Tanong 5: Ano ang salitang pananong na **tumutukoy sa lugar**?
A. Bakit B. Kailan C. Saan

Sabihin: Naging madali ba ang pag-unawa mo sa binasang tula?
Tanong: Paano malalaman kung naunawaan ninyo ang binasa?
Sabihin: Sa pagsagot sa mga tanong sa mga kuwento, usapan, balita, at tula mahalagang naiintindihan mo ang bawat pangyayari na naganap dito. Mahalagang malaman mo kung ano ang tinutukoy ng bawat salitang pananong. Ibig sabihin, ang mga sagot ay depende sa mga tanong na nakalaan dito. (Sino, Saan, Kailan, Paano, Ano, at Bakit)

Pagtatapos ng Aralin:
Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay pag-aaralan naman natin ang mga Elemento ng Kuwento.

---

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabanggit sa aralin.

# Day 2, Lesson Plan 3

**Key Idea**

Mga Elemento ng Kuwento

**Most Essential Learning Competencies**

- Nakikilala ang mga elemento ng kuwento
- Nailalarawan ang mga elemento ng kuwento ( tauhan, tagpuan, banghay)
- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa elemento ng kuwento

**Bahagi 1: Lesson Short Review**
Time: 7 mins.

- Sabihin: Masaya ulit akong makita kayo mga bata, kumusta kayo sa araw na ito?
- Napag-aralan natin ang pagsagot sa mga tanong sa kuwento, usapan, teksto, balita at tula, Tingnan nga natin kung naalala pa ninyo ang ating nakaraang aralin
- Basahin natin ang kuwento at sagutin ang mga tanong tungkol dito



**Kahanga-hangang Bata**

Si Celine ay nasa ikatlong baitang. Siya ang nag- iisang anak nina G. at Gng. Jeric Reyes. Mahilig magbasa ng aklat si Celine. Siya ay magaling umawit at sumayaw. Hinahangaan din siya sa pagiging mabait at mapagbigay. Marami ang natutuwa kay Celine.

Tanong:

1.Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
2. Sino- sino ang mga magulang ni Celine?
3. Anong katangian ni Celine ang hinahangaan mo?
4. Bakit kaya marami ang natutuwa sa kanya?
5. Ikaw, anong katangian ang maipagmamalaki mo?

**Bahagi 2: Lesson Purpose/Intention**
Time: 3 mins.

- Sa araling ito ay makikilala natin ang mga elemento ng kuwento gayundin ang paglalarawan sa mga ito. Mahalagang matutunan ninyo ang mga elementong ito upang higit ninyong maunawaan ang mga kuwentong inyong binabasa .
- Ano-anong mga kuwento ang nabasa ninyo na?
- Tungkol saan ang mga ito?
- Sabihin ang tauhan, tagpuan at banghay sa napili mong kuwento.
  Tauhan_______________
  Tagpuan_______________
  Banghay_______________

- Magkaroon ng malayang talakayan ang mga bata tungkol dito.

**Bahagi 3: Lesson Language Practice**
Time: 5 mins.
**Talasalitaan**

- Sabihin: Ngayong araw, may mga salita tayong pag-aaralan upang higit na maunawaan ang kuwentong ating babasahin.
  Basahing mabuti ang mga pangungusap at alamin ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit. Ayusin ang mga salitang nasa loob ng kahon upang mabuo ang kahulugan ng bawat salita**.**

1. Ang mag-anak ay nakatira sa isang nayon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| R | O | A | B | Y |

Sagot: baryo

2. Kasama niya ang kanyang maybahay sa paggawa sa bukid.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| W | A | S | A | A |

Sagot: asawa

3. Sila ay ginantimpalaan ng tatlong supling.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Y | B | A | A | A | I | N | Y | N | I |

Sagot: biniyayaan

4. Ang kanilang supling ay mababait.

| | | | |
|---|---|---|---|
| K | A | A | N |

Sagot: anak

5. Natuwa ang mag-asawa sa tinuran ng anak.


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| I | N | A | S | I | B |

Sagot: sinabi

**Bahagi 4: Lesson Activity**
Time: 25 mins.
**4A. Pagkukuwento**

- Sabihin: Ngayong araw ay ating pag-aaralan ang mga elemento isang kuwento.
  Ating basahin ang kuwentong may pamagat na "May Pagkukusa"

**May Pagkukusa**



Masayang naninirahan ang mag-nak na Salvador sa isang payapang nayon. Si Tatay Francis ay isang magsasaka. Kasa- Kasama niya sa bukid ang kanyang maybahay na si Nanay Luisa. Sila ay biniyayaan ng tatlong supling na sina Beth, Jun at Lina. Isang araw, nagising si Nanay Luisa na masama ang pakiramdam.

"Baka kailangan mo munang magpahinga" ang sabi ni Tatay.

"Pero marami kang gagawin sa bukid ngayon" ang sagot ni Nanay Luisa. "Sino ang makakatulong mo sa paggawa sa bukirin" ang nag-aalalang pahayag nito.

Narinig ng magkakapatid ang usapan ng mag-asawa kaya't walang pag-aatubiling nagsabi si Jun na samahan ang kanilang ama.
"Wala naman kaming pasok sa eskuwela ngayon, Tay, ako na lang po ang sasama at tutulong sayo" ang sagot niya.
Natuwa ang mag-asawa sa tinuran ni Jun. Maya maya pa ay umalis na ang dalawa upang harapin ang mga gawaing naghihintay sa kanila sa bukid.

- Pagkatapos basahin ang kuwento, sagutin ang mga sumusunod na tanong:
  1. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
  2. Saan naganap ang kuwento?
  3. Anong nangyari kay Nanay Luisa ng isang araw?
  4. Paano nabigyan ng solusyon ang problema ng mag-asawa?

5. Ano ang naging wakas ng kuwento?



- Pag-usapan isa-isa ang mga elemento ng isang kuwento tulad ng tauhan, tagpuan at banghay.

**4B. Laro: Elemento ng Kuwento**

- Sabihin: Upang lalo nating matutunan ang aralin natin ngayong araw, ilalarawan natin ang elemento nito sa pamamagitan ng isang laro.
- Ihanda ang mga kagamitan sa paglalaro.
- Ibigay ang panuto sa paglalaro.
- Sabihin: Mula sa kahon, bubunot ang guro ng isang pangungusap at kapag narinig ninyo ito, pipili kayo kung saang hanay kayo tatakbo, maaaring sa <u>TAUHAN</u>, <u>TAGPUAN</u> O <u>BANGHAY</u>

1. Ang kuwento ay naganap sa isang payapang nayon.
2. Ang mag- anak na Salvador ang gumanap sa kuwento.
3. Isang araw, nagising si Aling Luisa na masama ang pakiramdam.
4. Si Jun ang nag-iisang anak na lalaki nina Tatay Francis at Nanay Luisa.
5. Magkasamang umalis sa bahay ang mag-ama para masimulan na ang trabaho sa bukid.

**4C. Iguhit Mo**

Sabihin: Basahing mabuti ang kuwento. Iguhit ang  kung ang pangungusap ay naglalarawan sa tauhan,  kung ito ay tagpuan at  kung ito ay tumutukoy sa banghay



**"Isang Masayang Paglalakbay"**

Sabik na nagising si Tony noong Linggo. Ang pamilya niya ay pumunta Lungsod ng Baguio para mamasyal. Natuwa si Tony sa malamig na klima ng lugar. Sila ay naunang nagsimba sa Baguio Cathedral. Nawili sila sa magagandang tanawin sa Mines View, sumakay sila ng makukulay na bangka sa *Burnham Park*, namasyal at namitas sa taniman ng *strawberry* at namili sila ng maraming pasalubong para sa kanyang Lolo at Lola. Masayang-masaya ang pamilya sa kanilang paglalakbay.

_____1. Si Tony ang pangunahing tauhan sa kuwento
_____2. Nawili sila sa pamamasyal sa mga mgagandang tanawin.
_____3. Nangyari ang kuwento sa Lungsod ng Baguio.
_____4. Kasama ni Tony ang kanyang pamilya sa araw na iyon.
_____5. Masayang masaya ang pamilya sa kanilang paglalakbay.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Sabihin: Ngayon, tingnan natin kung naintindihan ninyo ang ating aralin. Basahin ang bawat pangungusap. Tukuyin ang elementong ginamit: **<u>tauhan, tagpuan o banghay</u>**

___________1. Isang maulan na hapon
___________2. Si Celine, ang mabuting kaibigan
___________3. Natuwa ang nanay dahil mataas ang nakuha ng kanIyang mga anak sa pagsusulit.
___________4. Sa loob ng silid-aralan
___________5. Naglilinis sa bakuran ang magkakapatid

- Pagtatapos ng aralin:
  Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na pagkikita ay mas marami pa tayong gagawing pagsasanay upang higit ninyong maunawaan ang mga elemento ng isang kuwento.

**Day 2, Lesson Plan 4**

## Key Idea

- Mga Elemento ng Kuwento

**Most Essential Learning Competencies**

- Nakikilala ang mga elemento ng kuwento
- Nailalarawan ang mga elemento ng kuwento ( tauhan, tagpuan, banghay)
- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa elemento ng kwento

**Bahagi 1: Lesson Short Review**
Time: 7 mins.

Sabihin: Ano-ano ang mga elemento ng kuwento?

Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang titik ng tamang sagot.

| | |
|---|---|
| A. Tauhan | D. Panimula |
| B. Tagpuan | E. Kasukdulan |
| C. Banghay | F. wakas |

________1. Anong elemento ang tumutukoy sa lugar kung saan naganap ang kuwento?
________2. Ano ang tawag sa mga taong gumaganap sa kuwento?_________
________3. Ano naman ang tawag sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari upang malutas ang mga suliranin ng mga tauhan?
________4. Isa pang bahagi ng banghay na tumutukoy sa kung paano nagtapos ang kuwento ay tinatawag na __________.
________5. Ang bahagi ng banghay kung saan at paano nagsimula ang kwento ay tinatawag na ____________.

**Bahagi 2: Lesson Purpose/Intention**
Time: 3 mins.

- Sabihin: Sa araling ito ay higit nating makikilala ang mga elemento ng isang kuwento at mailalarawan ang mga elementong ito
  Panuto: Isulat ang tatlong elemento ng kuwento
  1.______________________
  2. ______________________
  3.________________________

**Bahagi 3: Lesson Language Practice**
Time: 5 mins.

**Sagutan Mo**: Isulat ang **T** kung tama ang pangungusap na nagsasabi tungkol sa mga elemento ng kuwento at **M** naman kung Mali ang isinasaad nito

_________1. Parke, paaralan at palengke ay mga halimbawa ng tagpuan.
_________2. Tagpuan ang tawag sa nagsasalita, kumikilos at gumaganap sa isang kuwento.
_________3. Ang bawat kuwento ay may elemento ng tauhan, tagpuan at banghay.
_________4. Si Patty ay isang halimbawa ng tauhan.
_________5. Ang iyong karanasan ay hindi maaaring gawing isang kuwento.

**Bahagi 4: Lesson Activity**
Time: 25 mins.
**4A. Basahin Mo, Sagutin Mo**
**Sabihin: Basahin ang kuwento at sagutin ang mga katanungan tungkol dito**

**Pangarap na Natupad**



Bata pa lamang ay naulila na sa ama si Dong. Lima silang magkakapatid. Mahirap ang buhay nila sa isang malayong lalawigan. Itinaguyod sila ng kanyang ina sa pamamagitan ng pagtitinda ng mga gulay. Maliit pa lang siya noon, pangarap na ni Dong na makapagtapos ng pag-aaral. Pagkatapos ng kaniyang klase, umuwi na agad si Dong upang matulungan sa palengke ang kanilang ina. Habang siya ay nagtitinda, nagbabasa si Dong ng kaniyang mga aralin. Maraming hirap ang tiniis ni Dong upang makapag-aral. Pagkalipas ng ilang taon, si Dong ay nakapagtapos sa kolehiyo at ngayon ay isa nang ganap na pulis.

Sabihin: Sa pagkakataong ito, ating sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
   A. Sa isang malayong lalawigan
   B. Dong
   C. Pangarap na Natupad
   D. ina ni Dong
2. Saan naganap ang kuwento?
   A. sa gilid ng daan
   B. sa loob ng simbahan
   C. sa malayong lalawigan
   D. sa paaralan
3. Ano ang ginagawa ni Dong habang siya ay nagtitinda?
   A. naglalaro
   B. nagbabasa ng aralin
   C. nanonood sa telebisyon
   D. nakikipagkuwentuhan
4. Paano natulungan ni Dong ang kanyang ina sa paghahanapbuhay?
   A. naglilinis siya ng bahay
   B. inaalagaan niya ang kaniyang mga kapatid
   C. umuuwi nang maaga para matulungan ang ina sa palengke
   D. nagluluto siya ng pagkain
5. Ano ang naging wakas ng kuwento?
   A. Si Dong ay naging tindero ng gulay
   B. Si Dong ay naging negosyante
   C. Si Dong ay naging pulis.
   D. Si Dong ay hindi nakatapos ng pag-aaral.

**4B. Pagtapat-tapatin Mo**
**Sabihin: Pagtapat-tapatin ang mga elemento ng maikling kuwento na nasa Hanay A sa deskripsyon sa Hanay B.**

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| 1. banghay | A. tumutukoy kung saan at paano nagsimula ang kwento |
| 2. panimula | B. ito ang panauhin o taong gumaganap sa kuwento |
| 3. kasukdulan | C. dito na nangyayari ang problema sa kwento |
| 4. wakas | D. Ito ay tumutukoy kung paano natapos ang kwento |
| 5. tauhan | E. tumutukoy sa lugar kung saan naganap ang kuwento |
| 6. tagpuan | F. pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari upang malutas ang mga suliranin ng mga tauhan |

**4C. Pagsunud-sunurin Mo**

- Sabihin: Tingnan natin kung naunawaan mo ang ating aralin. Basahin ang kuwento at ayusin ang tamang pagkasunud-sunod nito. Isulat ang bilang na 1-5 sa patlang.

**"Isang Masayang Paglalakbay"**



Sabik na nagising si Tony noong Linggo. Ang pamilya niya ay pumunta ng Baguio para mamasyal. Natuwa si Tony sa malamig na klima ng lugar. Sila ay naunang nagsimba sa Baguio Cathedral. Sumunod nilang pinuntahan ang Mines View. Nawili sila sa magagandang tanawin dito Sumakay sila sa makukulay na bangka sa *Burnham Park*, namasyal at namitas sa taniman ng *strawberry* at namili sila ng maraming pasalubong para sa kanyang Lolo at Lola. Natapos ang araw na masayang-masaya si Tony.

_____1. Namasyal sila sa Mines View.
_____2. Sumakay sila sa makukulay na bangka at namasyal sa strawberry farm.
_____3. Nagsimba sila sa Baguio Cathedral.
_____4. Namili sila ng pasalubong para sa kaniyang Lolo at Lola.
_____5. Isang araw ng Linggo, masayang nagising si Tony.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

Sabihin: Natapos na nating talakayin ang mga elemento ng kuwento. Sa pagkakataong ito nais kong sagutin ninyo ang huling pagsasanay

**Pagsunund-sunurin Mo**

Sabihan: Ngayon mga bata ayusin natin ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari upang makabuo ng isang kuwento. Isulat ang bilang na 1-5 sa patlang.

_______1. Nakita siya ni Maureen at sinaway siya sa pagdampot sa tuta.

_______2. Humingi ng paumanhin si Maureen at nangakong sasamahan siya sa veterinarian para magamot ang tuta.

_______3. Ipinaliwanag ni Nelia na ang mga hayop ay katulad din ng mga tao na nangangailangan ng kalinga at pagmamahal.

________4. Si Nelia ay isang batang mahilig sa tuta.

________5. Isang araw, may nakita si Nelia na tuta sa may gate ng paaralan. Naawa si Nelia sa tuta kaya nilapitan niya ito nang may mapansing sugat malapit sa kanyang mata.

- Ipasulat sa kwaderno ang mga mahahalagang elemento ng isang kuwento
- Pagtatapos ng aralin:
  Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na pagkikita ay ating isasalaysay ang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na tanong at balangkas


Pagsasalaysay ng Teksto


Key Idea


- Pagsasalaysay muli sa teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na tanong

Most Essential Learning Competencies

Naisasalaysay muli ang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na tanong at balangkas

| |
|---|
| Component 1: *Lesson Short Review*<br>*Mga Salitang Klaster*<br>Time: 7 mins.<br>Kuwento: Ang Prito<br>Tumaas ang presyo ng prito<br>Ang dating Trenta Pesos ay Kwarenta na<br>Sayang naman ang sabi ni Kris, Trenta Pesos lang ang aking dala.<br>Narinig ito ni Aling Prising, naawa siya kay Kris.<br>Halika Kris, ito na ang prito. Ibalik mo na lang ang sampung piso pagbalik mo.<br>Natuwa si Kris at nagpasalamat.<br>▪ Sabihin: Basahin natin ang Kuwento<br>Tanong:<br>T1. Tungkol saan ang kuwento?<br>T2. Sabihin ang mga nabasa mong salitang klaster sa kuwento<br>T3. Magbigay ka pa ng ibang salitang klaster na iyong natatandaan. |
| Component 2: *Lesson Purpose/Intention*<br>Time: 3 mins.<br>▪ Sa araling ito ay matututunan ninyo ang Pagsasalaysay muli sa teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na tanong |
| Component 3: *Lesson Language Practice*<br>Sabihin: Basahin natin ang mga salita. Tingnan ang katabing larawan nito upang malaman ang kahulugan nito. Gumawa ng isang pangungusap gamit ito.<br>1.  |

2. 

3. 

Component 4*: Lesson Activity*
Time: 25 mins.
4A. Read Aloud

- Sabihin: Ngayon ay babasahin natin ang Kuwento.
  Tanong:
  1. Mayroon ka bang kaibigan?
  2. Anong pangalan niya?
  3. Anong madalas ninyong gawin?
  4. Nagtutulungan ba kayo?
  5. Masaya ka ba na kasama mo sya?

  KUWENTO: WALANG IWANAN
  ISINULAT NI: Bb. Yvette Gelena Alimagno

  Wag!Wag mo naman gawin yan!
  Ano ba ang nangyari, at nagkakaganyan ka?
  Ito ang pag uusap ni Mata at Tainga.

  Ayoko na.
  Hindi na ko mumulat para kay Toni.
  Para wala na siyang makita. Hindi naman niya ako inaalagaan. Dinala sa isang Optometrist si Toni kanina,at ang sabi ng doktor sa mata ay,nanlalabo na ang paningin ni Toni.

  Lagi kasi siyang nakatutok sa TV.
  Madalas pagod ang mata ni Toni sa gadget.Laging puyat. Hindi rin siya kumakain ng masustansyang pagkain.Laging junk foods ang pinipili niyang kainin kahit pabaunin siya ng kanyang Nanay ng mga prutas.

  Kaibigang mata, hindi
  mo pwedeng gawin yan. Hindi

makakakita si Toni kung mawawala ka. Mahihirapan sya sa mga gawain. Malungkot sya. Siguro naman kapag naramdaman ni Toni na nanlalabo ka na dahil sa pagod,puyat at kakulangan ng nutrisyon , eh magbabago sya.

Hindi naman ako malaking kawalan para kay Toni.Nariyan ka pa para makarinig sya. Nariyan si Dila,para makalasa sya. Hindi rin naman sya iiwan ni Ilong para maka amoy sya.Lagi din naman nya kasama si Kamay para makadama sya.

Hindi totoo yan Kaibigan,wika ni Tainga.
Hindi makikita ni Toni ang kakainin niya kung wala ka.
Nalalasahan niya nga ang mga pagkain, kasi may dilasya, ngunit hindi naman niya nakikita ang mga ito.

Makaririnig siya ng kwentong guro niya dahil may tainga siya, ngunit di ba mas maganda na makikita ni Toni ang mga aklat, larawan at iba pang may kinalaman sa kwento.

Maaamoy ni Toni ang mababangong mga bulaklak dahil may ilong siya,ngunit mas Maganda sana kung makikita niya ang kulay ng mga ito.
Mahahawakan ni Toni at mararamdaman ang mga bagay,ngunit maari siyang masaktan dahil hindi niya nakikita ang mga bagay. Maari siyang maaksidente at masaktan.
Ayaw mo masaktan si Toni di ba?
Oo ayaw ko masaktan si Toni.Nasa loob pa lamang kami ng tiyan ng Mommy nya ay magkasama na kami.
Pasensya ka na kaibigangTainga, nabigla lamang ako.Mabuti siyang bata at alam ko na magbabago pa sya, at makikita niya ang kahalagahan nating lahat.
Mula pa noon ay hindi na naisip ni Mata na umalis at iwan si Toni. Naramdaman naman ni Toni na medyo napapagod na at lumalabo na ang kanyang mga mata.
Kaya naman iniwasan nya na magpuyat at pagurin si Mata.Lagi na din syang kumakain ng masustansyang pagkain upang muling luminaw ang kanyang paningin

**WAKAS**

4B. Mga Tanong

- Sabihin: Sisikapin natin na muling buuin ang kuwento na ating napakinggan at maikuwento muli ito sa tulong mga tanong. Gawin ito ng magkapares.
- Sino ang dalawang magkaibigan na nag uusap?
- Sino sa dalawang magkaibigan ang may problema?
- Ano ang nararamdaman ni Mata tungkol sa pagtulong kay Toni?
- Gusto nya pa ba itong tulungan?
- Bakit siya nakaramdam ng ganito kay Toni?
- Ano ang mga pagkukulang ni Toni?
- Nagbago ba ang isip ni Mata? Naisip nya ba na magbabago pa si Toni, at nararapat lamang na bigyan nya pa ito ng isa pang pagkakataon?
- Sino ang tumulong sa kanya upang maunawaan ito?
- Ano ang sinabi ni Tainga sa kanya?
- Ano-ano ang mga ginawa ni Toni upang mapangalagaan ang kanyang mga mata?

- Gumawa ng dialogue mula sa pag uusap ni Mata at Tenga

Component 5: Lesson Conclusion
Time: 5 mins.
Tanungin: Ano ang nararamdaman sa aralin ngayong araw? Isulat ang sagot sa isang papel.

Paalala sa Guro: Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

Pagsasalaysay ng Teksto

Key Idea

- Pagsasalaysay muli sa teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng balangkas

Most Essential Learning Competencies

Naisasalaysay muli ang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na tanong at balangkas

Component 1: *Lesson Short Review*

*Mga Salitang Klaster*

Time: 7 mins.

Bilugan ang naiibang salitang may klaster sa pangkat

1. Tropa klima Trese
2. Dracula preno preso
3. Bra blusa bruha
4. Plato palasyo platito
5. Pluto pluma pranela

Component 2: *Lesson Purpose/Intention*


Time: 3 mins.

- Sa araling ito ay matututuhan ninyo ang pagsasalaysay muli sa teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng balangkas

Component 3: *Lesson Language Practice*

Sabihin: Basahin at unawaing mabuti ang mga salita. Suriin ang katabing larawan nito upang malaman ang kahulugan nito. Gumawa ng isang pangungusap gamit ito.

1.  Paglibot

2.  Luneta Park

Component 4*: Lesson Activity*

Time: 25 mins.

4A. Read Aloud

- Sabihin: Ngayon ay babasahin natin ang kuwento.

KUWENTO: Si Nora, ang Manikang Gala
ISINULAT NI: Bb. Yvette Gelena Alimagno

Ako si Nora. Ako ay Manika ni Jenny. Samahan ninyo ako sa magiging gala ko ngayong araw. Nagpunta sa Luneta ang pamilya ni Jenny. Iniwan nila ako dahil malayo ang Luneta, baka daw ako mahilo. Masaya naman ako na iniwan nila ako, meron din naman akong sariling plano. Pupuntahan ko ang mga lugar na pinupuntahan naming dalawa ni Jenny. Paaralan ni Jenny ang una kong pinuntahan. Nakita ko yung mga Kinder Teacher ni Jenny. Ang gaganda nila, at higit sa lahat mabait ang mga teachers na yan. Palengke ng Bayanan naman ang sinunod kong pinuntahan, ang daming mga tinda rito. Iba-iba ang mgg nakikita rito, may pagkain, may laruan, may damit, at napakarami pang iba. Simbahan naman ang sunod kong pinuntahan. Tuwing Linggo, sinasabi sa akin ni Jenny na nagsisimba sila, nagdarasal, kumakanta, at nakikinig sa sermon ni Father. Dito sila pumupunta, hindi nila ako kasama ‘pag nagsisimba sila. Nagpahinga naman ako sa Baywalk sa Bayanan, umupo ako sa ilalim ng puno at pinanood ang mga batang nagbibisikleta at naglalaro. Lagi kami magkasama ni Jenny sa lugar na ito. Napagod na ako at parang nakaidlip saglit, ang sarap ng simoy ng hangin sa Baywalk at naramdaman ko ang lamig. Buti na lang at may yumakap sa akin. Nora, Nora, andito na ko. Hindi talaga nakakalimutan ni Jenny na yakapin ako at halikan kapag darating siya.

Meron siyang pasalubong sa akin, isang manika. Para daw may kasama ako pag-aalis sila. Napakabait talaga ni Jenny. “Jenny, Jenny, halika na. Aalis na tayo,” ang sabi ni Nanay. Ngunit pagtingin niya sa kuwarto ay tila nanaginip na naman si Jenny. Sa palagay ninyo, ano ang napapanaginipan niya?

.

4B. Mga Tanong

1. Tungkol saan ang binasang kuwento?

2. Ano-ano ang mga lugar na pinasyalan sa kuwento?

3. Sino-sino ang makikita sa mga lugar na pinasyalan?

4. Nakapamasyal ka na rin ba sa mga binanggit na lugar sa kuwento?

5. Ano ang iyong naramdaman sa pamamasyal?

- Sabihin: Sisikapin nating muling buoin ang kuwento na ating napakinggan at maikuwento muli ito sa tulong ng mga balangkas na ating pupunuin.
- Gawain: Punoin ang hinihinging detalye sa balangkas

Component 5: Lesson Conclusion

Time: 5 mins.

Tanungin: Ano ang naramdaman mo sa pag-aaral sa leksiyong ito?

Paalala sa Guro: Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabanggit sa aralin.

## Day 4, Lesson Plan 7

## Pabibigay ng Wakas sa Binasang Kuwento

**Key Idea**

- Nakapagbibigay ng wakas sa binasang kuwento

**Most Essential Learning Competencies**

- Nakapagbibigay ng wakas para sa binasang kuwento (F3PB-Ih-14) (F3PB-IIi-14) (F3PB-IIIi-14) (F3PB-IVf-14)

**Bahagi 1: *Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

Pagsusunod-sunurin ng mga pangyayari batay sa binasang kuwento.

- Basahin at unawaing mabuti ang isang maikling kuwento.

**Ang Lobo at ang Ubas**

Minsan ay inabot ng gutom sa kagubatan ang isang lobo (*wolf)*. Nakakita siya ng isang puno ng ubas na hitik ng hinog na bunga. "Swerte ko naman. Hinog na at tila matatamis ang bunga ng ubas," ang sabi ng lobo sa sarili.

Lumundag ang lobo upang sakmalin ang isang bugkos ng hinog na ubas subalit hindi niya maabot ang bunga. Lumundag siyang muli, at muli, at muli pa subalit hindi parin niya maabot ang ubas.

Nang mapagod na ay sumuko rin sa wakas ang lobo at malungkot na umalis palayo sap uno. "Hindi na bale, tiyak na maasim naman ang bunga ng ubas na iyon," ang sabi niya sa sarili.

- Lagyan ng bilang 1-5 ang bawat patlang ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwentong binasa.

_____ Nakakita siya ng puno ng ubas na hitik ang bunga.

_____ Lumundag ang lobo at lumundag nang lumundag ngunit wala siyang nakuha.

_____ Sa isang kagubatan ay inabot ng gutom ang lobo.

_____ Sinabi na lamang ng lobo sa sarili na maasim naman ang bunga ng ubas.

_____ Nasabi ng lobo sa sarili na maswerte siya sa nakitang puno ng ubas.

- Tanong: Nagustuhan ba ninyo ang naging wakas ng kuwento? Oo o hindi? Bakit?

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang makapagbibigay ng wakas sa binasang kuwento.

**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

- Sabihin: Suriin ang larawan at tukuyin kung ano ang posibleng mangyayari.
- Ipakita ang unang larawan.
  1. Ang bata ay nagbabasa habang naglalakad. Hindi niya napansin ang balat ng saging sa
  2.
  3. sahig



- Tanong: Ano sa tingin ninyo ang posibleng mangyayari?
  *Maaaring sagot ng mga mag-aaral:*
  *1. Matatapakan ng lalaki ang saging at madudulas.*
  *2. Madudulas at mapapa-upo ang lalaki.*

2. Sa ilog nagtatapon ng basura ang mga tao



- Tanong: Ano sa tingin ninyo ang posibleng mangyayari?
  *Maaaring sagot ng mga mag-aaral:*
  *1. Durumi at babaho ang ilog.*
  *2. Dahil sa basura ay mamamatay ang mga isda.*
  *3. Magkakasakit ang mga tao dahil sa dumi at baho galing sa ilog.*

- Maaaring magtawag ng ilang mag-aaral upang ibahagi ang kanilang sagot.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. Storytelling Session** *(Guided Activity)*

- Sabihin: Ikaw ba ay isang matulunging bata? Kanino mo natutuhan ang pagiging matulungin? Narito ang isang kuwento tungkol sa pagiging matulungin. Makinig nang mabuti.

**Ang Pamilyang Matulungin**
Akda ni Teresa P. Barcelo

Likas sa mga Pilipino ang pagiging matulungin. Habang papunta ang mag-anak na Padolina sa probinsiya, Nakita nila ang isang pamilyang nangangailangan ng tulong. Umuusok ang sasakyan nila. Nasa labas ng sasakyan ang mga kasamang bata habang naghihintay na makumpuni ang kanilang sasakyan. Makikita sa kanilang mukha ang gutom at pagod. Iyak nang iyak ang mga bata.

Tinulungan ng pamilya Padolina ang pamilyang nasiraan ng sasakyan. Inabutan nila ng pagkain ang mga bata. Pagkatapos magawa ang sasakyan ay sabay-sabay na rin silang umalis sa lugar na iyon.

- Tanong: Tungkol saan ang binsang kuwento?
  Paano nagwakas ang kuwento? Nagustuhan mo ba ang wakas nito?
- Magtawag ng ilang mag-aaral upang ibahagi ang kanilang sagot sa klase.

**4B. Pagsagot sa mga tanong**

- Tanong:
  1. Kung ikaw ang nasa sitwasyon ng pamilya Padolina, tutulungan mo rin ba ang pamilyang nangangailangan ng tulong?

  2. Ano kaya ang maaaring wakas ng kuwento kung hindi tinulungan ng pamilya Padolina ang pamilyang nangangailangan ng tulong?

- Magtawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi ng kanilang sagot.

**4C. Pagbibigay ng wakas** (Individual Task)

- Sabihin: Basahin at unawaing mabuti ang kuwento. Bumuo ng wakas ng babagay dito.

**Ang Regalo ni Romina**

Palihim na binilang ni Romina ang iniipon niyang pera mula sa sobrang baon at mga bigay ng kaniyang tiyo at tiya. Sa isang lingo na ang kaarawan ng kaniyang nanay at alam niya ang pinakamimithing regalo nito. Nang matiyak na sapat na ang kaniyang pera, binili niya ang blusa at maingat na itinago ito sa kaniyang cabinet. Nang sumapit ang araw na kaniyang pinakahihintay, masaya niyan itong ibinigay sa kaniyang nanay.

- Isusulat ng mag-aaral ang kanilang sagot sa *worksheet* o isang malinis na papel.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Sabihin: Ngayon, para makita kung natutuhan ninyo ang aralin, ibahagi sa klase ang iyong nabuong wakas para sa binasang maikling kuwentong “Ang Regalo ni Romina”.

- *Maaaring pumili ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang gawain.*

- Pagtatapos ng aralin
  Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay pauunlarin pa natin lalo ang pagbibigay at pagbuo ng wakas sa binasang kuwento.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang kuwento o gumawa ng sariling kuwento na angkop sa aralin.

## Day 4, Lesson Plan 8

### Pagbibigay ng Wakas sa Binasang Kuwento

**Key Idea**

- Nakapagbibigay ng wakas sa binasang kuwento

**Most Essential Learning Competencies**

- Nakapagbibigay ng wakas para sa binasang kuwento (F3PB-Ih-14) (F3PB-IIi-14) (F3PB-IIIi-14) (F3PB-IVf-14)

**Bahagi 1: *Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

- Basahin ang maikling kuwento.

**Ang Batang Matapat**

Araw ng Lunes, masayang naglalakad patungong paaralan si Mira. Sabik na sabik na siyang muling makita ang kaniyang mga kaklase. Habang naglalakad, nagulat siya ng may makitang isang pitaka sa kalsada. Pinulot niya ito at binuksan. Kinabahan siya dahil may laman itong maraming pera.

Naalala niya ang bilin ng kaniyang nanay na maging matapat sa lahat ng oras kaya naman pagkarating sa paaralan ay nagtungo siya sa kaniyang guro upang sabihin ang kaniyang napulot na pitaka na may lamang pera. Sinamahan siya ng guro na mahanap ang may-ari ng pitaka. Nalaman nila na isa sa mga guro sa paaralan ang may-ari nito. Labis ang pasasalamat ng guro kay Mira.

- Tanong:
  1. Ano ang wakas ng kuwento?
  2. Nagustuhan mo ba ito? Bakit?

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sa araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang makapagbibigay ng wakas sa binasang kuwento.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

- Sabihin: Balikan ang kuwentong “Ang Batang Matapat”.
- Tanong: Magbigay ng iba pang wakas sa kuwentong binasa.
- Isulat ang iyong sagot sa worksheet.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. Storytelling Session** *(Guided Activity)*

- Sabihin: Ikaw ba ay may alagang hayop? Ano kaya ang mangyayari kung ito ay mapabayaan mo? Ano ang iyong mararamdaman?

- Basahin ang kuwento.

**Ang Mabalahibo kong Aso**

Kaarawan ni Trisha at tuwang-tuwa siya ng regaluhan siya ng kaniyang tatay ng isang maputi at mabalahibong aso. Mag-isang anak kasi si Trisha kaya minsan ay nalulungkot ito. Matagal ng nais ni Trisha na magkaroon ng alagang aso kaya naman hanggang sa pagtulog ay katabi niya ito. Masayang masaya siyang kasama at kalaro ang alagang aso. Sinasalubong siya nito sa tuwing uuwi siya mula sa paaralan. Siya rin ang nagpapaligo rito. Parang kapatid na ang turing ni Trisha sa alagang aso. Hindi sila mapaghiwalay.

Isang araw, nakalimutang isara ng kasambahay ang gate kaya naman nakawala ang alagang aso ni Trisha. Pag-uwi niya ay nagtaka siya kung bakit hindi sumalubong ang kaniyang alagang aso. Nalaman niyang nawawala ito. Sinubukan nilang hanapin ito ngunit bigo sila. Sobrang nalungkot si Trisha.

Makalipas ang dalawang araw, isang kapitbahay ang nagtungo sa kanilang bahay dala ang isang marungis na aso. Nakita umano nito ang aso na palakad lakad sa kanilang eskinita. Nang mabalitaan niyang nawawala ang aso ni Trisha ay agad niya itong dinala at nagbabakasakaling ito nga ang nawawalang aso ni Trisha. Napatalon sa tuwa si Trisha dahil kapiling na niyang muli ang pinakamamahal na aso. Nagpasalamat ito sa kapitbahay at nangakong babantayan nang mabuti ang alagang aso.

**4B. Pagsagot sa mga tanong**

- Tanong:
  1. Ano ang pamagat ng kuwento?
  2. Bakit nais magkaroon ng alagang aso ni Trisha?
  3. Ano-ano ang mahahalagang pangyayari sa kuwento?
  4. Ano ang napulot mong aral sa kuwento?
  5. Ano ang naging wakas ng kuwento?
- Isulat ang iyong mga sagot sa worksheet.

**4C. Dapat Tandaan sa Pagbibigay ng Wakas** *(Individual Task)*

- Sabihin: Sa pagbibigay ng wakas, may mga bagay tayong dapat na tandaan. Kailangang basahin at unawaing mabuti ang kuwento. Alamin ang buong detalye nito, dahil ang wakas ng isang kuwento ay nakabatay sa detalye nito.

- Basahin muli ang kuwentong "Ang Mabalahibo Kong Aso". Pagkatapos, bumuo ng isang wakas na babagay para sa kuwentong iyong binasa.

- Isusulat ng mag-aaral ang kanilang sagot sa *worksheet.* Kung may oras pa, magtawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Sabihin: Ngayon, upang malaman kung naunawaan ninyo ang aralin, bigyan ng wakas ang kuwento sa ibaba.

**Dahil sa Pagmamadali**

Tuwing hapon ay nagmamadaling umuwi si Jordan. Inaabangan niya palagi ang paboritong niyang palabas na "Slam Dunk". Mahilig si Jordan sa basketball kaya naman sabik na sabik siyang panoorin ito. Habang nanonood siya ay nagluluto naman ang kaniyang nanay ng kanilang hapunan. Maaga silang kumakain dahil ang tatay nito ay sa gabi umaalis para magtrabaho.

Naubusan ng mantika ang nanay ni Jordan kaya inutusan niya ito upang bumili sa tindahan ni Aling Puring. Nagmamadaling lumabas si Jordan para bumili ng mantika. Patapos na rin kasi ang kaniyang pinapanood. Sa pagmamadali niyang makabalik ng bahay ay nakalimutan nito ang sukli.

- Tanong: Ano ang magiging wakas ng kuwento? Isulat sa iyong worksheet.

- Pagtatapos ng aralin
  Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Umaasa akong kaya mo ng magbigay at bumuo ng wakas sa iyong binasang kuwento.

**Paalala sa Guro:** Maaaring isulat sa manila paper ang mga kuwentong ginamit sa *Lesson Short Review* at *Lesson Activity* upang mas mabasa ito nang maayos ng mga bata.

**Day 5, Lesson Plan 9**

**Nakapaglalarawan ng mga tao, hayop, bagay at lugar sa pamayanan**

**Key Idea**

- Paglalarawan ng mga tao, hayop, bagay, at lugar sa pamayanan

**Most Essential Learning Competencies**

- Natutukoy ang mga pang-uri o salitang nakapaglalarawan ng tao, hayop, bagay at lugar sa pamayanan.
- Nagagamit ang mga pang-uri o salitang nakapaglalarawan ng tao, hayop, bagay at lugar sa pamayanan.
- Naisasabuhay sa ating pang-araw-araw na tayo ay makapagsabi o mas madali nating mailahad ang ating damdamin o nararamdaman sa paggamit ng pang-uri.

**Bahagi 1: *Lesson Short Review***
Time: 7 mins.

Noong nakaraang taon ay natutuhan mo ang pagbibigay ng angkop na wakas sa kuwento. Maaari mong balik-aralan ang mga ito sa patnubay ng iyong guro sa pagsagot ng mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Piliin ang pinaka-angkop na wakas ng kuwento o pahayag.

1. Maraming nagkalat na basura sa tapat na bahay nina Jonash.
   a. Magiging maaliwalas ang kapaligiran
   b. Magwawalis si Jonash
   c. Matutuwa ang mga kapitbahay

2. Maagang natutulog si Sean kapag may pasok sa paaralan.
   a. Magigising siya ng maaga.
   b. Mahuhuli sa klase
   c. Hindi siya magigising sa oras

3. May sakit ang bunsong kapatiid ni Rico.
   a. Dadalhin sa ospital
   b. Maglalaro silang magkapatid
   c. Magagalit si Rico

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***
Time: 3 mins.

Sa araling ito, inaasahan na kayo ay makapaglalarawan ng tao, bagay, hayop at lugar sa komunidad.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.

Basahin at unawaing mabuti ang tulang. “Si Mocca”.

**Si Mocca**

Ako ay may alaga
Siya ay si Mocca
Lagi kong kasama
Sa tuwi-tuwina


Balahibo niya’y puti
At laging nakangiti
Siya ay malambing
Masigla at masayahin

Sa Aming pag-alis
Pilit tinatanggal
Sapatos o sandal
Kaya kami’y nagtatagal

At sa aming pagdating
Masayang Mocca
Medyas sa paa
Tatangggalin niya

Mga Tanong:
Tanong 1: Sino si Mocca?
Tanong 2: Ano ang kulay ng aso?
Tanong 3: Ano ang tinatanggal ni Mocca kapag may umaalis? Kapag may dumarating?

Paano inilarawan sa tula si Mocca? Isulat ang katangian nito sa kumpletong pangungusap sa graphic organizer.




**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 25 mins.

**4A. Pagbasa ng Kuwento**
Basahin ang mga pangungusap. Suriin ang mga salitang may salungguhit at isulat kung ano ang tinutukoy nito. Piliin ang sagot sa kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| anyo | damdamin | hugis | katangian |
| kulay | sukay | lasa | ugali |

1. Matangos ang ilong ni Carlo.
2. Ang bola ay bilog.
3. Malakas ang tahol ng aso.
4. Malawak ang lupain ng aking ama sa probinsiya.
5. Maalat ang Adobong luto ni nanay.
6. Matalino talaga si Erica.
7. Naging masaya ang pamamasyal namin sa Luneta.
8. Ang aking kaibigan ay matulungin.
9. Kayumanggi ang kulay ng mga Pilipino.

**4B. Usap-Tayo**
Pagmasdan ang larawan, sumulat ng pangungusap na naglalarawan ayon sa tinutukoy nito. Pag-usapan ninyo ang sagot ng iyong katabi. Isulat ito sa sagutang papel.

1. Kulay  ______________________________
2. Katangian  ______________________________
3. Lasa  ______________________________

**4C. Karagdagang Gawain**
Basahin ang pangungusap, isulat sa kolum A ang salitang naglalarawan sa kolum B kung saan ito tumutukoy. Isulat ang sagot sa sagutang papel

4. Ang puno ng niyog ay matayog.
5. Hindi ko narinig ang pagtawag mo kanina dahil mahina ang boses mo.
6. Mamula-mula ang kutis ni Maya.

| A. Salitang Naglalarawan | B. Tumutukoy |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

**Bahagi 5:** ***Lesson Conclusion***
Time: 5 mins.

Ang mga salitang panlarawan ay mga salitang naglalarawan sa hitsura, hugis, laki, kulay, amoy at panlasa ng mga tao, hayop, bagay at maging pangyayari upang mas maging tiyak at maganda ang paglalarawan sa ngalang inilalahad.

Sa paggamit ng Pang-uri sa ating pang-araw araw na buhay, tayo ay makakapagsabi o mas madali nating mailalahad ang ating damdamin o nararamdan at naibabahagi natin ang ganda ng mga nakapaligid sa atin.

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| 1. Paano nakatulong sa iyo ang ating aralin? | |
| 2. Nakatulong ba ito upang madali kang makapaglahad ng iyong damdamin at nararamdaman? Paano? | |

**Day 5, Lesson Plan 10**

**Nakapaglalarawan ng mga tao, hayop, bagay at lugar sa pamayanan**

**Key Idea**

- Paglalarawan ng mga tao, hayop, bagay, at lugar sa pamayanan

**Most Essential Learning Competencies**

- Natutukoy ang mga pang-uri o salitang nakapaglalarawan ng tao, hayop, bagay at lugar sa pamayanan.
- Nagagamit ang mga pang-uri o salitang nakapaglalarawan ng tao, hayop, bagay at lugar sa pamayanan.
- Naisasabuhay sa ating pang-araw-araw na tayo ay makapagsabi o mas madali nating mailahad ang ating damdamin o nararamdaman sa paggamit ng pang-uri.

**Bahagi 1: *Lesson Short Review***
Time: 7 mins.

Tula: Si Mocca
Sabihin: Kumusta kayo sa araw na ito?
Basahin ang pangungusap at tukuyin ang salitang naglalarawan. Isulat ang letra ng tamang sagot.

Mga Tanong:

1. Ang Paaralan ng Geronimo ay maraming mag-aaral.
   a. mag-aaral
   b. maraming
   c. Paaralang Geronimo

2. Matangkad ang kaklase kong si Ellaine.
   a. kaklase
   b. Ellaine
   c. matangkad

3. Malawak ang bukirin ng aking lolo sa probinsiya.
   a. malawak
   b. probinsiya
   c. bukirin

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***
Time: 3 mins.

Sabihin: Ang aralin natin sa araw na ito ay tungkol sa paglalarawan o pang-uri.
Inaasahan na kayo ay makapaglalarawan ng tao, bagay, hayop at lugar sa komunidad.
Pang-uri ang tawag sa mga naglalarawan sa hitsura, hugis, laki, kulay, amoy at panlasa ng mga tao, hayop, bagay, lugar at maging pangyayari.


**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.

Basahin at unawain ang maikling kuwento.

**Ang Batang si Koper**
Sinulat ni Ana Marie M. Ventuso

Si Koper ay isang mag-aaral mula sa Ikatlong Baitang. Nag-aaral siya sa Paaralang Heneral Licerio Geronimo. Nakatira siya sa makipot na tirahan ng kanyang lola sa Sampaloc. Ulilang lubos na si Koper at mahirap lamang ang kaniyang lola. Ngunit kahit na walang magulang na nag-aaruga sa kanya ay hindi ito naging hadlang upang siya ay makapag-aral. Araw-araw ay masaya siyang pumapasok sa paaralan. Siya ay maliit, mahaba ang buhok at may balingkinitang pangangatawan. Pinakamaliit man sa buong klase ay isa siya sa pinakaaktibo sa lahat. Masikap at maaasahan ang batang ito. Katunayan nito kasama niya sa may karangalan sa kanilang baitang. Maaasahan din siyang mag-aaral sa kaniyang guro. Hindi na siya kailangang utusan ng mga bagay na gagawin sa silid-aralan. Ang pagiging magalang, magiliw at palakaibigan ay mga katangiang kaniya ring taglay.

Mga Tanong:
Tanong 1. Ano ang pamagat ng kuwento?
Tanong 2. Sino ang batang si Koper?
Tanong 3. Ano-ano ang katangian ni Koper na binanggit sa kuwento?
Tanong 4: Ano ang tawag sa mga salitang naglalarawan? Isulat ang mga salitang naglalarawan mula sa kuwento sa balloon organizer.



**Bahagi 4***: Lesson Activity*
Time: 25 mins.

**4A. Basahin ang mga Pangungusap**
Babasahin ng guro ang mga sumusunod na pangungusap.

1. Nakatira sa isang makipot na tirahan.
2. Mahirap lamang ang kanyang lola.
3. Araw-araw ay masaya siyang pumapasok sa paaralan.
4. Pinakamaliit sa buong klase.
5. Baingkinitan ang kanyang katawan.
6. Ang pagiging palakaibigan ay isang katangiang kanyang taglay.

Tanong 1. Anong mga salita ang nakasalungguhit? Saan-saan ito tumutukoy?
Tanong 2. Ano ang tawag sa mga salitang ito?

**4B. Basahin ang mga Salita**
Basahin ang mga salita sa loob ng kahon. Tukuyin ang pang-uri at isulat ito sa sagutang papel.

Pasko pamayanan matingkad mabagal
malungkot hayop pang-uri bagay

Tanong1. Sino ang nais na sumagot?
Tanong 2. Isulat ng guro ang mga sagot sa pisara.

**4C. Basahin and mga Pang-uri**
Basahin ang mga pang-uri na nasa kolum A at sumulat ng pangungusap sa katapat na kolum B gamit ang pang-uring ibinigay

| A. Pang-uri | B. Pangungusap |
|---|---|
| matulungin | |
| masarap | |
| pinakamatalino | |

Alamin ang sagot ng bawat isa at sabihing kaya mo 'yan. Tanungin kung sino ang gustong sumagot.
Isulat ang sagot sa pisara.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**
Time: 5 mins.

Pang-uri ang tawag sa mga naglalarawan sa hitsura, hugis, laki, kulay, amoy at panlasa ng mga tao, hayop, bagay, lugar at maging pangyayari.

Tanong 1. Sa paggamit ng Pang-uri sa ating pang-araw-araw na buhay tayo ay makakapagsabi o mas madali nating malalahad ang ating damdamin o nararamdaman at nababahagi natin ang ganda ng mga nakapaligid sa atin. Tungkol saan ang pinag-aralan sa araw na ito? Paano ito makatutulong sa iyo sa pang-araw-araw na pakikipag-usapan?

Tanong 2. Nakatulong ba ito upang madali kang makapaglahad ng iyong damdamin at nararamdaman? Paano?

Ipaalam sa kanila kung kaya sila naging mahusay na mag-aaral ay sumasalamin sa kung ano ang kanilang mga natutuhan.

**Paalala sa Guro:** Kolektahin ang mga gawain sa pagsasanay upang matukoy at masuri kung ano ang kanilang natutuhan.

**Day 6, Lesson Plan 11**

**Paksa o Tema ng Teksto, Kuwento o Sanaysay**

**Key Idea**

- Masabi ang Paksa o Tema ng Teksto, Kuwento o sanaysay

**Most Essential Learning Competencies**


- Nasasabi ang paksa o tema ng teksto, kuwento o sanaysay


**Bahagi 1: *Lesson Short Review***


Time: 7 mins.

Game: Picture Reveal

- Sabihin: Kumusta kayo sa araw ninyo?Ngayong araw na ito ay panibagong aralin naman ang ating pag-aaralan. Bago tayo magsimula sa bagong aralin, balikan natin ang nakaraang aralin sa pamamagitan ng isang laro.
- Sa Guess the Picture unti-unting ipapakita ang larawan at huhulaan niyo naman ito.
- Basahin at punan ng angkop na salita ang pangungusap na nasa ibaba ng larawan.







| | | |
|---|---|---|
| Ang pusa ay ______. | ________ang pamilya. | ________ ang tabing dagat. |

**Bahagi 2** : ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.

- Sabihin: Sa araling ito, masasabi mo ang paksa,o tema ng teksto, kuwento o sanaysay.

**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

**Game: Jumbled Words**

- Sabihin: Umpisahan natin ang ating aralin sa paglalaro.
- Ibigay ang panuto sa paglalaro.
- Sabihin: Basahin ang talata at buuin ang paksa sa pamamagitan ng pagbuo ng mga pinaghalong letra.

1. Ang gatas ay pinakaimportanteng inumin ng mga bata. Ito ay kumpleto sa mineral at protina.Kailangan ito upang lumakas ang katawan.

**SATAG**

2. Ang aking pamilya ay binubuo ng nanay, tatay at aking mga kapatid. Sila ang pinakamamahal ko sa buhay. Kapag kami ay magkakasama, puno ng ligaya ang aming tahanan.

**YAPILAM**

3. Ang tubig ay mahalaga sa ating buhay. Ito ay kailangan ng ating katawan. Kung walang tubig hindi tayo makapaglinis, makapaglalaba, makapagluluto at iba pa.

**GTBIU**


**Bahagi 4*: Lesson Activity***


Time: 25 mins.


**4A. Laro: Mystery Box**

- Sabihin: Kanina ay naglaro tayo upang malaman ang paksa ng teksto.Upang mas matutunan natin na masabi ang paksa o tema. Meron akong inihandang kahon at bubunot kayo dito.
- Ihanda ang mystery box at ipangkat ang klase sa 2 o 3. Tumawag ng isang miyembro sa bawat pangkat at pabunutin sa loob ng mystery box.

SI PAGONG AT SI KUNEHO    ANG LEON AT ANG DAGA    SI LANGGAM AT TIPAKLONG







Tanong:

T1. Ano ang nasa larawan?

T2. Tungkol saan kaya ang mga ito?

T3. Nabasa o napanood niyo ba ang mga kuwentong ito?

**4B. Laro: Sagutin Natin**

- Sabihin: Ngayon, sagutin naman natin ang ilan pang mga katanungan tungkol sa mga kuwento na ating tinalakay kanina.

- Tanong:

  T1. Ano ang pamagat ng kuwento na inyong nabunot?


  T2. Ano ang paksa o tema ng kuwento?

  T2. Alin sa mga kuwentong ito ang iyong nagustuhan? Bakit?

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Sabihin: Ngayon, para makita kung natutunan mo ang aralin ay sagutan mo ang gawain na ito.
- Piliin ang angkop na paksa sa mga sumusunod na larawan.




- Pagtatapos ng aralin:

Sabihin: Dito nagtatapos ang ating aralin. Sana ay marami kayong natutunan sa ating ginawa ngayong araw.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabanggit sa aralin.

**Day 6, Lesson Plan 12**

## Paksa o Tema ng Teksto, Kuwento o Sanaysay

**Key Idea**

- Masabi ang Paksa o Tema ng Teksto, Kuwento o sanaysay

**Most Essential Learning Competencies**


- Nasasabi ang paksa o tema ng teksto, kuwento o sanaysay

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***

Time: 7 mins.

Game: Puzzle

- Sabihin: Kumusta mga bata? Sino sa inyo ang gustong bumuo ng puzzle na ito?
- Ihanda ang larawan at idikit sa pisara.
- Tanong:



T1. Anong larawan ang iyong nabuo?

T2. Ano ang napansin mo sa larawan?

T3. Ano kaya ang maaaring maging paksa ng larawan?

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***

Time: 3 mins.


- Sabihin: Ang araling ito ay makakatulong sa iyo kung paano masasabi ang paksa,o tema ng teksto, kuwento o sanaysay.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***

Time: 5 mins.

**Basahin Natin!**

- Sabihin: Kayo ba ay may alagang aso? Basahin natin ang sumusunod na sanaysay tungkol dito. (Gabay sa Pagbasa)



**Ang Aso ay Kaibigan ng Tao**

Ang aso ay hindi lamang isang hayop; ito ay isang kasama at kaibigan ng tao. Ang kanilang wagas at tapat na pagmamahal ay nagpapasaya sa kanilang mga amo. Ito ay tapat na kasama ng maraming tao sa loob ng maraming taon. Sila ay handang makinig, magpasaya, at magbigay ng walang hanggang pagmamahal. Tulad din ng tao, sila'y nangangailangan ng tamang nutrisyon, regular na ehersisyo, at pagmamahal.Ang mga aso ay may kakaibang kakayahan na maunawaan ang damdamin ng mga tao sa kanilang paligid.

Tanong:

T1. Ano ang pamagat ng sanaysay?

T2. Tungkol saan ang sanaysay na iyong nabasa?

T3. Nagustuhan mo ba ang sanaysay na ating binasa? Bakit?

**Bahagi 4*: Lesson Activity***

Time: 25 mins.

**4A. Manood Tayo!**

- Sabihin: Sa pagpapatuloy ng ating aralin panoorin natin ang isang maikling kuwento.

Ang Sakim na Aso | Mga Kwentong Pambata | Filipino Animation Movie | Tagalog Moral Stories - YouTube (http://www.youtube.com/watch?v=l9vch7yfZJA)

**Ang Sakim na Aso**

Isang araw mayroon isang aso na ang pangalan ay Max, naisipan ni Max na maglakad-lakad sa kagubatan at sa paglalakad niya ay may nakita siyang isang buto. Tumingin-tingin si Max sa paligid kung may nagmamay-ari nga ban g buto na nakita niya, napansin niyang wala kaya agad niya itong kinagat at tumakbo siya paalis sa lugar na kinalalagyan ng buto.

Naghanap ang aso na si Max ng kaniyang mapupwestuhan kung saan walang ibang hayop na manghihingi ng buto na kagat niya, sa paghahanap ay

nakakita siya ng ilog at tinawid niya ang tulay na iyon. Sa paglalakad sa tulay ay napatingin si Max sa ilog, nakita niya ang repleksyon niya sa tubig at inakala niyang ibang aso ang kaniyang nakikita. Lumabas ang pagiging sakim ni Max at ninais din niyang makuha ang buto na kagat-kagat ng kaniyang repleksyon sa tubig.

Tumahol si Max upang maipakita nito na siya ay nakakatakot at para makuha ang buto na kagat ng kaniyang repleksyon sa tubig, sa pagtahol ni Max ay nahulog ang buto sa ilog at hindi na muling nakuha ni Max ang buto na kaniyang inaasam.

- Sabihin : Matapos nating panoorin ang kuwento, sagutin naman natin ang mga sumusunod na tanong.

Tanong:

T1. Nagustuhan ba ninyo ang ating kuwento?

T2. Anong aral ang natutuhan natin sa kuwentong napanood

T3. Naranasan ba ninyo na kayo ang pagdamutan? Ikuwento mo nga ang iyong naging karanasan.

**4B. Sagutin Natin**

Sagutin natin ang mga tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Ano ang pamagat ng kuwento na ating pinanood?

A. Ang Mabait na Aso B. Ang Asong si Max C. Ang Sakim na Aso

2. Sino ang tauhan sa kuwento? Ano ang masasabi ninyo sa kanya?

A. Si Mac B. Si Max C. Si Nax

3. Gagayahin ba ninyo ang tauhan sa kuwento? Bakit?

A. Opo, dahil mapagbigay siya.
B. Hindi po, dahil hindi siya mabait.
C. Hindi po, dahil sakim siya.

4. Ano kaya ang paksa ng ating kuwentong napanood?


A. Mabait na aso
B. Mapagbigay na aso
**C.** Sakim na aso

5. Pumili sa mga sumusunod na larawan, kung saan maaaring ma-iugnay sa paksa ng kuwento


A.



. B



C




D.



**Bahagi 5: Lesson Conclusion**

Time: 5 mins.

- Sabihin: Sana ay marami kayong natutuhan at mas naunawaan na ninyo ang paksa o tema ng teksto, kuwento o sanaysay. Dito nagtatapos ang ating aralin.
- Maaari ninyong kulayan ang puso sa ibaba kung kayo ay nasiyahin sa ating aralin at mga gawain.



**Paalala sa Guro:** Maaring gumamit ng iba pang mga larawan at kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang mas lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

## Day 7, Lesson Plan 13

**Pangunahing Kaisipan ng Teksto**

**Key Idea**

- Pagtukoy sa Pangunahing Diwa ng Teksto.

**Most Essential Learning Competencies**

- Natutukoy ang pangunahing kaisipan ng tesktong binasa.
- Naisusulat ang pangunahing kaisipan ng binasang teksto.

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***
Time: 7 mins.

Pagbasa ng maiksing tula: Ako ay may Alaga
Sabihin: Kumusta kayo sa araw na ito?
Ipabasa ang tulang "Ako ay may Alaga"

**Ako'y may Alaga**

Ako'y may alaga asong mataba
Buntot ay mahaba, makinis ang mukha
Mahal niya ako, mahal ko rin siya
Kaya kaming dalawa ay laging magkasama

Kung ako ay aalis, siya'y sumusunod
Sa aking pagbabalik pamawi ng pagod
Mahal niya ako, mahal ko rin siya
Hindi lang siya alaga, kaibigan ko pa


Mga Tanong:
Tanong 1: Ano ang alagang tinutukoy sa tula?
Tanong 2: Ilarawan ito.

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***
Time: 3 mins.

Sa araling ito ay matutukoy at maisusulat ninyo ang pangunahing kaisipan ng tekstong babasahin.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.

Sabihin: Ako'y isang sasakyan, may tatlong gulong at kaya kang dalhin kahit saan? Ano ako?



Tanong: Sino-sino sa inyo ang nakasakay na sa isang traysikel?
Ilarawan ang iyong damdamin sa tuwing sumasakay sa traysikel.
Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang sariling karanasan.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 25 mins.

**4A. Game: Show and Tell**
Sabihin: Sinagutan natin kanina ang bugtong. Ngayon naman ay magbibigay kayo ng mga halimbawa ng mga sasakyang ginagamit pantransportasyon.
Ihanda ang mga larawan ng sasakyang ginagamit sa transportasyon at ilatag ang mga ito sa mesa.
Sabihin: Kumuha ng isang larawan sa mesa at ilarawan ito sa klase.
Sabihin: Tapos na ang ating pagbabahagi, ngayon naman ay magbabasa tayo ng isang maikling kuwento.

Read-Aloud (Maaaring ipabasa sa bata)

Basahin ang maikling kuwento.

**Nahuli sa Klase**

Isang araw, maaagang nagising si Rico. Hinanda niya ang kanyang gamit at nang nakaayos na ay sumakay na sa traysikel. Dumaan ang traysikel sa tuwid na daan.

Ang kaniyang kaklase na si Miya naman ay nahuli ng gising. Naglaro kasi ito kagabi at napuyat. Dali-dali itong nag-ayos at pagkatapos ay sumakay sa traysikel. Sa kanyang pagmamadali ay hindi niya namalayang ang traysikel na kanyiang nasakyan ay dumaan sa pakurbang daan.

Pagpasok sa silid-aralan ay may nahuli sa klase sa kanilang dalawa.

Mga Tanong:
Tanong 1: Tungkol saan ang binasang kuwento?
Tanong 2: Sino-sino ang mga bata sa kuwento?
Tanong 3: Sino sa kanilang dalawa ang nahuli? Bakit?
Tanong 4: Ano ang dapat mong gawin upang ikaw ay hindi mahuli sa klase?
Tanong 5: Ano ang katangiang ipinakikita kung ikaw ay maagang pumapasok sa klase?
Tanong 6: Mahalaga ba sa batang katulad mo ang pagiging maagap sa lahat ng pagakataon?
Tanong 7: Ano kaya ang mangyayari kung ikaw ay laging nahuhuli sa pagpasok sa klase?
Tanong 8: Ano ang pangunahing kaisipan ng kuwentong binasa?

**4B. Matching Type**
Sabihin: Upang lalo natin matutuhan ang pangunahing kaisipan ay gagamit tayo ng linya upang ikabit ang wastong kaisipan sa nararapat na talata nito.

| | |
|---|---|
| Ang ngipin ay dapat na mapangalagaan. Maganda itong tingnan kung ito'y mapuputi. Mabango ang hininga kung walang sira ang ngipin. Walang sasakit o walang masisirang ngipin kung magsisipilyo tatlong beses sa isang araw. | Isa siyang mabait na bata. |

| | |
|---|---|
| Isang mabait na bata si Carol. Magalang siyang makipag-usap sa mga tao. Sinusunod niya ang mga payo ng kanyang mga magulang at guro. Siya ay tumutulong sa mga gawaing-bahay at mga gawain sa paaralan. | Ang ngipin ay dapat na mapangalagaan. |
| Ang mga taong mahilig magbasa ay nakakakuha ng iba't ibang kaalaman. Maaari nilang gamitin ang kaalaman na ito sa kanilang mga buhay. Ang pagbabasa araw araw ay nakatutulongdin sa pagpapahaba ng atensiyon ng isang tao. Nalilinang din nito ang bokabolaryo ng mambabasa. Mas maraming salita kang matututunan kung ikaw ay magbabasa. Napakarami talagang benepisyong makukuha ang isang tao kung siya ay palaging magbabasa. | Ang mga taong mahilig magbasa ay nakakakuha ng iba't ibang kaalaman. |

Tanong: Ano ang ibig sabihin ng pangunahing kaisipan base sa mga gawaing ating isinagawa?

**Bahagi 5: *Lesson Conclusion***
Time: 5 mins.

Sabihin: Ngayon, para makita kung natutunan mo ang aralin ay sagutan mo ang gawain na ito. Isulat ang pangunahing kaisipan ng maikling talata.

Si Leo ay palaging maagang dumarating sa paaralan. Gusto niya kasing makapagbasa pa ng kaniyang mga aralin bago dumating ang guro. Palagi siyang sumasagot kapag may tanong ang kanyang mga guro. Pagdating ng bahay, ginagawa niya muna ang kanyang mga takdang-aralin bago maglaro o manood ng telebisyon. Ito ang dahilan kung bakit matataas ang kanyang nakukuhang marka.

Pagtatapos ng aralin:
Sabihin: Dito na nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay kikilalanin naman natin ang mga sumusuportang kaisipan sa pangunahing kaisipan sa tekstong binasa.

Ang ________________ naman ay ang resulta o kinalabasan ng gawain o pangyayari.

**Paalala sa Guro:** Maaaring gumamit ng ibang mga larawan o gawain na hindi nabangit sa aralin.

**Day 7, Lesson Plan 14**

**Pagtukoy sa mga Sumusuportang Kaisipan sa Pangunahing Kaisipan**

**Key Idea**

- Pagtukoy sa sumusuportang kaisipan sa pangunahing kaisipang binasa sa teksto.

**Most Essential Learning Competencies**

- Natutukoy ang mga sumusuportang kaisipan sa pangunahing kaisipan ng tesktong binasa.
- Naisusulat ang mga sumusuportang kaisipan sa pangunahing kaisipan sa binasang teskto.

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***
Time: 7 mins.

**Magtanim ay Di Biro**
https://www.youtube.com/watch?v=f8TgQ0aagls

Magtanim ay 'di biro
Maghapong nakayuko
'Di man lang makaupo
'Di man lang makatayo

Braso ko'y namamanhid
Baywang ko'y nangangawit
Binti ko'y namimitig
Sa pagkababad sa tubig

Sa umagang paggising
Ang lahat iisipin
Kung saan may patanim
May masarap na pagkain

Braso ko'y namamanhid
Baywang ko'y nangangawit
Binti ko'y namimitig
Sa pagkababad sa tubig

Halina, halina, mga kaliyag
Tayo'y magsipag-unat-unat
Magpanibago tayo ng landas
Para sa araw ng bukas
Para sa araw ng bukas

Tanong: Anong ginagawa sa awitin?

Sabihin: Mula sa awitin, ano ang pangunahing kaisipang nais ibigay nito sa atin?
Isa-isahin ang mga salitang kilos sa awiting inawit.

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***
Time: 3 mins.

Sabihin: Sa araling ito ay makikilala at matutukoy ninyo ang mga sumusuportang kaisipan ng pangunahing kaisipan.

**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.

Laro: Pagbuo ng Puzzle (Malinis na Paligid)
Sabihin: Sa pagpapatuloy ng aralin, buoin natin ang isang puzzle.
Subuking buuuin ito sa pamamagitan ng pagtutulungan ng buong klase.
Ang mga bahagi ng puzzle ay ilalagay o ididikit na sa ilalim ng kanilang upuan o mesa bago pa magsimula ang klase.
Ang mga mag-aaral na may bahagi ng puzzle sa ilalim ng upuan ay tatayo
Sabihin: Nakita n'yo na ngayon ang bawat bahagi ng puzzle, ngayon naman ay ating buoin ito.

Tanong 1: Ano ang inyong nabuo?
Tanong 2: Nais n'yo bang tumira sa isang malinis na paligid?

Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng dahilan batay sa sariling karanasan kung bakit nais nilang tumira sa isang malinis na kapaligiran.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 25 mins.

**4A. Dugtungang Pagbasa ng Tula**
Sabihin: Basahin natin ang isang tulang may kaugnayan sa binuo nating puzzle sa pamamagitan ng dugtungang pagbasa.
Ang guro ang bahalang magpasya kung hahatiin sa grupo o isahan ang dugtungang pagbasa.

**Magtulungan Tayo**

Tayo nang maglinis ng ating bakuran
Dapat alagaan, mahalin ang kalusugan
Hirap at sakit ating maiiwasan
Kung tayo ay laging nagtutulungan

Kaya nga, kumilos bata man o matanda
Huwag hintayin, sakit ay mapala
Laging isaisip, maglinis sa tuwina
Pagtutulungan ang susi para guminhawa

Mga Tanong:
Tanong 1: Para kanino ang tula?
Tanong 2: Bakit kailangang maglinis ng paligid?
Tanong 3: Ano ang nais mangyari ng sumulat ng tula?
Tanong 4: Ano ang pangunahing kaisipan ng tula?
Tanong 5: Batay sa tula, ano ang mga sumusuportang kaisipan sa pangunahing kaisipan?

**4B. Pangkatang Gawain**
Sabihin: Ngayon ay papangkatin ko kayo sa 5 pangkat. Bawat pangkat ay itatala ang pangunahing kaisipan at magsusuat ng tigatlong sumusuportang kaisipan mula sa talatang inyong mababasa.
Bibigyan ng cartolina/manila paper at pentel pen ang bawat pangkat

Tunay na masarap langhapin ang sariwang hangin na nanggagaling sa kabukiran. Sa panahon ngayon na dumami na ang populasyon at ang mga sasakyan, naging marumi na ang ating kapaligiran. Dumami na rin ang mga factory na nakatayo sa iba't ibang lugar. Sa ganitong mga sitwasyon naging marumi na ang ating kapaligiran. Ang nalalanghap na lamang natin ay ang mga usok na ibinubuga ng mga sasakyan at ang mga dumi na nanggagaling sa factory.

Pagtatanghal ng bawat pangkat.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**
Time: 5 mins.

Isa-isahin ang mga ginawa ng bawat pangkat.
Sabihin: Mahusay ang inyong ginawa at talagang natutuhan at nailahad ninyo nang maayos at tama ang pangunahing kaisipan at mga sumusuportang kaisipan mula isang teksto.
Itanong: May nais pa ba kayong idagdag na sumusuportang kaisipan mula sa mga nakalista sa harap? Ngayon ay ating kunin ang pangunahin at mga sumusuportang kaisipan mula sa maikling kuwento.

Si Oboy ay masipag na bata. Lagi niyang tinutulungan ang kaniyang nanay sa mga gawaing bahay. Siya rin ang nagpapaligo at nagpapakain sa kaniyang bunsong kapatid. Likas sa kaniya ang pagiging matulunging anak

Hikayatin ang mga mag-aaral na magdagdag pa ng mga detalye.
Sabihin: Dito na nagtatapos ang ating aralin. Sa susunod na aralin ay magkakaroon pa tayo ng mga pagsasanay upang mas maunawaan ninyo ang mga binabasang kwento o teksto.

**Paalala sa Guro:** Maaring gumamit ng iba pang mga larawan at kagamitan na hindi nabanggit sa aralin upang mas lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin.

**Day 9, Lesson Plan 15**

**Napag-uugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari binasang teksto**

**Key Ideas**
- Sanhi at Bunga

**Most Essential Learning Competencies**
- Nakapag-uugnay ng sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang talata at teksto
- Nalalaman ang sanhi at bunga ng siyang kinalalabasan ng nabasang teksto
- Natutukoy ang sanhi at bunga sa pangungusap

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***
Time: 7 mins.

Ipakita ang mga larawan sa mga bata. (batang kumakain ng sorbetes at batang masakit ang ngipin)




Tanong:
Tanong 1: Ano ang ipinapakita sa unang larawan?
Tanong 2: Ano naman ang nakikita ninyo sa pangalawang larawan?
Tanong 3: Ano kaya ang mabubuo nating hinuha mula sa mga larawan?

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***
Time: 3 mins.

Sabihin: Sa araling ito, ikaw ay inaasahang makapag-uugnay ng sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang teksto at natutukoy ang sanhi at bunga sa pangungusap.

Sanhi - tumutukoy sa pinagmulan o dahilan ng isang pangyayari. Ito ay nagsasabi ng mga kadahilanan ng mga pangyayari.
Bunga - resulta o kinalabasan ng pangyayari sa isang partikular na akda o sulatin.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.

Tanong: Nakasagot ka na ba ng isang word search? Ano ang naramdaman mo habang sinasagutan mo ito?
Sabihin: Ngayon ay magsasagot tayo ng isang word search. Pero bago tayo magsimula ay humanap muna kayo ng partner buddy para sa gawaing ito. Hanapin ang mga salitang kasingkahulugan ng salitang sanhi at bunga. Ang unang partner buddy na makatapos ay siyang panalo.

KALALABASAN RASON KASAGUTAN RESULTA DAHILAN

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | B | S | A | B | I | H | O | N | I |
| A | A | M | K | D | K | R | E | S | A |
| L | D | S | D | U | P | E | U | K | T |
| A | G | N | A | E | O | L | I | K | L |
| L | N | A | H | G | A | U | P | M | U |
| A | M | T | I | K | U | T | H | Y | S |
| B | T | R | L | P | L | T | B | W | E |
| A | Y | P | A | G | D | A | A | S | R |
| S | S | O | N | W | A | L | A | N | B |
| A | K | A | T | O | N | H | I | L | U |
| N | L | O | E | R | A | S | O | N | H |

Tanong: Ano-anong mga salita ang nahanap ninyo?

**Bahagi 4***: Lesson Activity*

Time: 25 mins.

**4A. Pagbabasa ng Kuwento**

Tanong: Sino sa inyo ang mahusay nang gumamit ng oras? Kayang gawin ang mga gawain katulad ng paggawa ng mga takdang-aralin na hindi naglalaro muna o hindi kaya'y nanonood ng telebisyon?

Sabihin: Ngayon, makinig nang mabuti sa tulang aking babasahin na may pamagat na "Ang Batang Mahusay Gumamit ng Oras, May Magandang Bukas."

Ilahad ang pamantayan sa pakikinig.

**Ang Batang Mahusay Gumamit ng Oras, May Magandang Bukas**
**ni: Gerome Nicolas Dela Peña**

Ang batang masinop sa salapi, may maaaring maipambili.
Ang batang may paggalang, dangal ng kaniyang magulang.
Nag-iingat makasakit sa salita 'pagkat napaalalahanan sa tahanan.
Laging bumabati sa mga guro dahil inspirasyon niya ang mga ito.

Ang batang maagang gumising, hindi nagagahol sa mga gawain.
Hindi palaasa sa iba subalit naniniwalang kapwa ay mahalaga.
Ang batang mahusay sa oras, tunay na may magandang bukas.
Namulat na higit sa anomang yaman, ito ay dapat pahalagahan.

**4B. Pagtukoy ng sanhi o bunga mula sa binasang teksto.**

Sabihin: Mula sa tulang binasa, tukuyin kung ang sumusunod na pangungusap na may salungguhit ay sanhi o bunga.

_____________ 1. Ang batang masinop sa salapi, may maaaring maipambili.
_____________ 2. Ang batang maagang magising, hindi magagahol sa gawain.
_____________ 3. Tunay na may magandang bukas ang batang mahusay sa oras.
_____________ 4. Ang batang may paggalang, dangal ng kaniyang magulang.

**4C. Pag-uugnay ng sanhi at bunga sa mga pangyayari.**
Tanong: Bilang batang katulad mo, bakit kailangan mong matuto na maging mahusay sa paggamit ng oras? Ano ang maaaring mangyari kung hindi mo gagamitin ang iyong oras nang maayos?
Sabihin: Isulat ang maaaring sanhi o bunga ng mga sumusunod:

| SANHI | BUNGA |
|---|---|
| Naglalaro ng online games si Carlo buong araw. | 1. |
| 2. | Nakakuha ng mataas na marka si Jenny sa pagsusulit. |
| Bata pa lamang si Abby ay marunong na siyang mag-ipon ng pera. | 3. |
| Si Maricel ay mahusay sumayaw. Araw-araw siyang nagsasanay dahil may paligsahan siyang sasalihan. | 4. |
| 5. | Hindi nagawa ni Ethan ang kanyang mga takdang-aralin. |

**Bahagi 5: *Lesson Conclusion***
Time: 5 mins.

Kompletuhin ang pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.
Nabatid ko na kapag ang salita ay tumutukoy sa pinagmulan o dahilan ng isang kilos, o pangyayari, ito ay tinatawag na _____________.

Ang _________________ naman ay ang resulta o kinalabasan ng gawain o pangyayari .

**Day 9, Lesson Plan 16**

**Napag-uugnay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari binasang teksto**

**Key Ideas**
- Sanhi at Bunga

**Most Essential Learning Competencies**
- Nakapag-uugnay ng sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang talata at teksto
- Nalalaman ang sanhi at bunga ng siyang kinalalabasan ng nabasang teksto
- Natutukoy ang sanhi at bunga sa pangungusap

**Bahagi 1: *Lesson Short Review***
Time: 7 mins.

Sabihin: Basahin at unawain nang mabuti ang mga pangungusap. Pagtambalin ang sanhi sa kaliwa sa angkop na bunga sa kanan. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

| A | B |
|---|---|
| 1. Napakainit ng panahon | A. Marami ang nasalanta |
| 2. Hindi kumain ng tanghalian si Michaela | B. Binuksan namin ang aircon |
| 3. Napakalakas ng Bagyong Yolanda | C. Sumakay na lang kami ng taxi pauwi |
| 4. Puno ng mga pasahero ang dyip | D. Naaksidente siya sa daan |
| 5. Hindi maingat magmaneho si Mang Jun | E. Sumakit ang ulo niya dahil sa gutom |

Tanong: Ano kaya ang mga naging bunga sa bawat sanhi na ipinahayag?
Sagot:
1. Napakainit ng panahon, binuksan naming ang aircon
2. Hindi kumain ng tanghalian si Michaela kaya sumakit ang ulo niya dahil sa gutom
3. Napakalakas ng Bagyong Yolanda,marami ang nasalanta.
4. Puno ng mga pasahero ang dyip kaya sumakay na lang kami ng taxi pauwi.
5. Hindi maingat magmaneho si Mang Jun kaya naaksidente siya sa daan.


**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***
Time: 3 mins.

Muli, sa araling ito, ikaw ay inaasahang makapag-uugnay ng sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang teksto at makapagbibigay nang angkop na pamagat sa binasang teksto.

**Bahagi 3: *Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.

Tanong: Nakaranas ka na ba ng pagbaha sa inyong lugar? Ano-ano kaya ang dahilan kung bakit nagkakaroon ng pagbaha?
Sabihin: Ngayon, bubuo tayo ng puzzle. Tignan natin ano kaya ang mabubuo nating puzzle. Ihanda ang larawan ng puzzle at ipangkat ang klase sa tatlo.


PANGKAT 1



PANGKAT 2



PANGKAT 3



Mga Tanong:
Tanong 1: Anong larawan ang inyong nabuo?
Tanong 2: Ano ang masasabi ninyo sa larawang nabuo? Ilarawan mo ito.
Hikayatin ang mga mag-aaral na ilarawan ang nasa larawan.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 25 mins.

**4A. Pagbabasa ng teksto**

Sabihin: Ngayon, basahin at unawain nang mabuti ang kuwento na may pamagat na “May Natutunan.“
Ilahad ang pamantayan sa pagbabasa.

**May Natutuhan**
ni: Charisse P. Talatala

Isang umaga, naglalakad si Dan sa tulay ng Caingin nang bigla siyang tinawag ni Bongbong.

“Dan, baha pa rin ba sa barangay ninyo?” “Oo, Bongbong mataas pa rin ang baha sa aming barangay” sagot ni Dan. “May sanhi at bunga kasi ang pagbaha” sagot ni Bongbong.

“Bongbong, ano ba ang sanhi ng pagbaha at ano ang bunga nito sa tao?” tanong ni Dan.

“Marami kasing basura na nakatambak sa mga ilog, kanal at sa iba pang daluyan ng tubig. Isa pa, ang pagputol ng punong kahoy o illegal logging. Ang mga punong kahoy kasi ang siyang sumisipsip sa tubig na dulot ng labis na ulan at siyang nagpapatibay sa lupa o bundok para maiwasan ang pagguho ng lupa o landslide. Ang sanhi ng pagbaha ay pagragasa ng tubig-ulan at pagtatambak o pagoaoataas ng lupa sa iba’t ibang mga lugar. At ang bunga naman nito ay pagdami ng mga iba’t ibang uri ng mga sakit, pagkawala ng kabuhayan ng mga tao tulad ng

mga pananim at pagkamatay ng ibang mga tao sa lowland area," mahabang paliwanag ni Bongbong.

"Salamat at marami akong natutuhan sa iyo Bongtbong sa saglit nating pagkikita ngayong araw, sana humupa na ang baha upang makapaglinis na ako ng mga lumubog na bagay sa bahay at barangay namin," natutuwang sagot ni Dan.

**4B. Pagtukoy ng sanhi o bunga mula sa binasang teksto**
Sabihin: Mula sa kuwentong binasa, sagutin ang tanggalin sumusunod na mga tanong. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

Mga Tanong:
Tanong 1: Ano ang pamagat ng kuwento?\
- May Natutuhan

Tanong 2: Anong pangyayari ang naganap sa barangay nila Dan?
- Nagkaroon ng pagbaha

Tanong 3: Ano-ano raw ang sanhi ng pagbaha sa barangay nila Dan?
- Maraming basura ang nakatambak sa mga ilog, kanal, at iba pang daluyan ng tubig.
- Pagpuputol ng punongkahoy

4. Ayon kay Bongbong, ano-ano ang mga naging bunga sa pagkakaroon ng baha?
- Pagdami ng iba't ibang uri ng sakit
- Pagkawala ng kabuhayan ng mga tao tulad ng mga pananim
- Pagkamatay ng ibang mga taong nakatira sa lowland area

**4C. Pagbibigay ng ankop na pamagat sa binasang teksto**
Ibigay ang angkop na pamagat ng talata. Tukuyin rin ang sanhi at bunga ng bawat teksto. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Mahilig kumain ng mga matatamis na pagkain si Joana. Hindi nagtagal nasira ang kaniyang mga ngipin. Napilitan tuloy siyang magpunta sa dentista.
2. Mahusay sumayaw si Noli. Araw-araw ang ginagawa niyang pag-eensayo. Gusto niyang makamit ang pagiging kampeon. Gusto niyang ikarangal siya ng kaniyang mga magulang.
3. Nagkaroon ng paligsahan sa pinakamalinis na barangay. Lumahok ang mga kabataan sa Barangay Masipag. Malaki ang natanggap na premyo ng Barangay. Ginamit nila ang nakamit na premyo sa pagpapaganda ng komunidad.

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**
Time: 5 mins.

Tanong: Kayo ba ay mahilig maglaro ng mga online games? Ano ang iyong nararamdaman kapag ikaw ay naglalaro ng iyong paboritong online games? Ano-ano kaya ang pwedeng maging sanhi at bunga sa paglalaro ng mga online games?
Sabihin: Kasama ang iyong partner buddy, gumuhit ng mga larawan na nagpapakita ng sanhi at bunga tungkol sa pagtatapon ng basura sa ilog o estero. Pagkatapos, ibahagi sa klase ang inyong nagawa.

**Day 9, Lesson Plan 17**


**Naibibigay ang buod o lagom sa tekstong binasa**

**Key Idea**
- Pagbibigay ng buod o lagom

**Most Essential Learning Competencies**
- Naibibigay ang buod o lagom ng tekstong binasa.
- Nasasagot ang mga tanong sa tekstong binasa
- Napahahalagahan ang pagiging masayahin kung kasama ang pamilya.

**Bahagi 1: *Lesson Short Review***
Time: 7 mins.

Pagsunod-sunorin ang mga larawan batay sa mga gawaing dapat gawin bago pumasok sa paaralan. Lagyan ng bilang ang mga kahon na nasa ilalim ng larawan.
Ipakita ang mga larawan sa mga bata.



Mga Tanong:
Tanong 1: Ano ang unang ginawa ng bata pagkagising niya? Ang ikalawa? katlo? ikaapat?
Tanong 2: Bakit dapat tingnan muna ang mga gamit bago pumasok sa paaralan?
Tanong 3: Bilang isang mag-aaral, gagawin mo in ba ang sunod sunod na ginagawa ng bata sa larawan?

**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***
Time: 3 mins.

Sabihin: Sa araling ito, ikaw ay inaasahang makapabubuod o makapaglalagom ng mga tekstong mababasa mo.

Lagom - Binubuo ng ilang pangungusap lamang na nagppahayag ng buong diwa ang orihinal o pinagmulang akda. Ito ay ang pinaikling bersiyon ng teksto. Maaring sagutin ang mga tanong na

sino, saan, ano, bakit at paano upang malaman ang mahahalagang detalye o impormasyon sa tekstong binasa.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.

Tukuyin ang gawaing ipinakikita sa larawan ng bawat kasapi ng pamilya.







A. Si tatay ay nagpapakain ng mga alagang hayop.
B. Si nanay ay nagluluto ng pagkain.
C. Si bunso ay nakikipaglaro asa alagang aso.
D. Si ate ay nagaalaga ng bunsong kapatid.
E. Si kuya ay nagdidilig ng mga halaman.

**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 25 mins.

**4A. Pagbabasa ng Kuwento**

Tanong: Ano ang ginagawa ng inyong pamilya tuwing Sbado at walang pasok? Kasama ba ninyo sina nanay, tatay at mga kapatid sa bahay? Ano ang pakiramdam ninyo kapag kasama mo ang mga mahal mo sa buhay?
Sabihin: Ngayon, makinig nang mabuti sa maikling kuwento na ating babasahin na pinamagatang, “Umaga Na”


**Umaga Na**

Isang umaga ng Sabado, madilim-dilim pa. “Tiktilaok!,” ang tilaok ng manok. Nagising na si Aling Anita.Tumayo na siya sa higaan. Sumunod na rin sa kanya si Mang Lito. Nagtungo na sila sa kusina upang magkape. Nagluto na ng Almusal si Aling Anita at nagdilig na ng mga halaman sa bakuran si Mang Lito. Pagkatapos magluto ay ginising na niya ang kanilang mga anak na sina

Alan, Ana,Ara. Sabay-sabay silang kumain ng almusal. Masaya ang buong pamilya dahil sama-sama sila sa araw na iyon.

Mga Tanong:
Tanong 1: Sino-sino ang mga tauhan sa tekstong ating binasa?
Tanong 2: Saan nangyari ang kuwento?
Tanong 3: Ano ang ginawa nila nang sama-sama?
Tanong 4: Paano mo ilalarawan ang mga-anak ng umagang iyon?
Tanong 5: Masaya rin ba ang inyong pamilya.Maaari mo bang ilahad sa klase ang mga gawain ninyo kapag sama-sama kayo ng inyong pamilya?
(Isusulat ng guro ang sagot ng mga bata sa pisara.

**4B**
I-ayos ang mga larawan ng mga gawain ng pamilya tuwing Sabado. Sa loob ng story map isulat ang mga letra ng tamang sagot.




Mga Larawan:








**4C**
Batay sa tekstong binasa, Isulat sa Graphic Organizer ang mga hininging detalye.




Tanong 1: Ano ang naramdaman mo sa binasang kuwento?
Tanong 2: Sino ang tinulungan ni Allan sa pagdidilig?
Tanong 3: Kung hindi nagawa ni Allan ang mga dapat niyang gawin, ano kaya ang kaniyang magiging damdamin?

**Bahagi 5: *Lesson Conclusion***
Time: 5 mins.

Kompletuhin ang hinihingi detalye sa tsart upang mabuo ang buod o lagom ng tekstong babasahin. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

**Ang Batang si Nilo**

Maagang nagising si Nilo upang pumasok sa paaralan. Pagkatapos niyang maligo, agad siyang nagsuot ng uniporme at inihanda ang bag. Sa kaniyang pagmamadali, hindi nya napansin ang balat ng saging sa labas ng kanilang bahay. Natapakan niya ito kaya't nadulas siya. Bumagsak siya sa sahig at umiyak nang malakas. Hindi siya nakapasok nang araw na iyon dahil sa sakit ng kaniyang pagbagsak.

**Buod/Lagom**

Pamagat: ____________________________________________
Tauhan: ____________________________________________
Tagpuan: ____________________________________________
Pangyayari sa teksto:
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
________________________________________

**Day 9, Lesson Plan 18**


**Naibibigay ang buod o lagom sa tekstong binasa**

**Key Ideas**
- Pagbibigay ng buod o lagom

**Most Essential Learning Competencies**
- Naibibigay ang buod o lagom ng tekstong binasa.
- Natutukoy ang mga elemento ng kuwento.
- Napapahalagahan ang pagiging masinop sa lahat ng oras.

**Bahagi 1:** ***Lesson Short Review***
Time: 7 mins.

Laro: Magpapatugtog ang guro ng isang awitin habang may pinapaikot na box sa mag-aaral. Kapag huminto ang tugtog ang batang may hawak na kahon ang kukuha ng tanong sa loob ng kahon. Sasagutin niya ang tanong batay sa tekstong binasa ng nakaraang araw.





**Bahagi 2**: ***Lesson Purpose/Intention***
Time: 3 mins.

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang makapagbubuod o makapaglalagom ng mga tekstong mababasa mo.

**Bahagi 3:** ***Lesson Language Practice***
Time: 5 mins.

Laro: Buoin ang mga larawang magkakahiwalay na nakadikit sa pisara. Tatawag ang guro ng mga bata at hahatiin sa dalawang grupo. Hintayin ang go signal ng guro bago simulan ang pagbuo ng puzzle. (ang mabubuong larawan ay paruparo at langgam.)

Si Paruparo at si Langgam

Tanong: Anong larawan ang nabuo ng una at ikalawang pangkat?
Ngayon ay babasahin natin ang kuwento ni Paruparo at ni Langgam

**Bahagi 4*: Lesson Activity***
Time: 25 mins.

**4A. Pagbabasa ng teksto: Kuwentong Pambata**

Tanong: Sino sa inyo ang nag-iipon ng pera na kanilang baon?Sino naman ang inuubos lahat ang baon niya sa isang araw? Sa tingin ninyo, ano kaya ang mas makabubuti para sa isang batang katulad ninyo?
Sabihin: Ngayon, makinig nang mabuti sa maikling kuwento na ating babasahin na pinamagatang, "Si Paru-paro at si Langgam
Ilahad ang pamantayan sa pakikinig.

**Si Paruparo at si Langgam**

Takang-taka si Paruparo habang minamasdan niya si Langgam na pabalik-balik sa paghahakot ng pagkain sa kaniyang lungga sa ilalim ng puno. "Ano ba iyang ginagawa mo, kaibigang Langgam? Mukhang pagod na pagod ka ay hindi ka man lang magpahinga?" tanong ni Paruparo. "Bakit di ka magsaya na tulad ko?"

"Naku, mahirap na," aniya. "Malapit na ang tag-ulan. Iba na ang may naipong pagkain bago dumating ang tag-ulan."

"Kalokohan iyan. Tingnan mo ako. Hindi natitigatig," pagmamalaki ni Paruparo.

"Bakit nga ba?" Nagtataka si Langgam.

"Ganito iyon, e. Nakikita mo ba ang kaibigan ko sa damuhan?" inginuso niya ang nasa hindi kalayuan.

"Sino?' tanong ni Langgam. "Si Tipaklong, kaibigan ko iyan, Alam mo, matapang ang kaibigan ko. Nabibigyan niya ako ng proteksyon. Baka akala mo, dahil sa kanya ay walang sigwang darating sa akin," pagyayabang ni Paruparo. "A, ganoon ba?" sabi ni Langgam.

"Utak lang, utol. O, hindi pakanta-kanta lang ako ngayon dito. Ikaw lang e," sabi ni Paruparo.

"Wala akong inaasahan kundi ang aking sarili. Kaya kayod dito, kayod doon," mababa subalit madiin ang tinig ni Langgam. "O, sige, ipagpapatuloy ko muna ang aking gawain."


Pagkatapos ng usapang iyon ay nagkahiwalay ang dalawa.

Ang mga sumusunod na araw ay maulan. Hindi lamang mahabang tag-ulan. May kasama pang bagyo at baha. Mahirap lumabas at kung makalabas man wala ring matagpuang pagkain. Lalong umapaw ang tubig. Walang madaanan ang tubig dahil malalim din ang mga ilog at dagat. Tumagal ang baha. Palubha nang palubha ang kalagayan dahil malakas pa rin ang pagbuhos ng ulan.


Ano kaya ang nangyari kay Langgam? Naroon siya sa guwang ng puno. Namamahinga. Sagana siya sa pagkain. Naisipan ni Langgam ang dumungaw upang alamin ang kalagayan ng paligid. Aba, ano ba ang kanyang nakita? Nakita niya sina Patuparo at Tik[paklong na nakasilong sa gilid na basing-basa at gutom na gutom.

Mga Tanong:
Tanong 1: Sino-sino ang mga tauhan sa binasang kuwento?
Tanong 2: Saan naganap ang pangyayari sa kuwento?
Tanong 3: Tungkol saan ang pinag-usapan nina Parupro at Langgam?
Tanong 4: Anong katangian ang ipinamalas ni Langgam? Ano naman ang kay Paruparo?
Tanong 5: Sa katapusan ng kuwento, ilahad ang nangyari sa mga tauhan.
Tanong 6: Sa iyong palagay, sino ang dapat mong tularan sa mga tauhan sa kuwento? Bakit?
Isusulat ng guro ang sagot ng mga bata sa pisara.( may nakahanda na ding mga strip ng cartolina na may mga nakasulat na sagot.

**4B. Pagbibigay ng buod o lagom sa binasang teksto**
Balikan ang mga sagot ng mga bata sa tanong ng mga guro pagkatapos ng kuwento. Ayusin ang mga salita o parirala upang mabuo ang lagom ng kuwento.



**4C. Dugtungan**
Bubuo ang guro ng 5 grupo. Bawat grupo ay may limang miyembro. Babasahin ang maikling teksto sa worksheet na ibibigay ng guro.Bawat isa ay sasagot sa tanong. Magsusunod-sunod ang limang miyembro upang makabuo ng buod o lagom sa binasang kuwento. Kapag maayos na pipila ang bawat miyembro sa grupo magkakadugtong silang pupunta sa harap upang sabihin ang buod ng kuwento.



**Ang Mahiwagang Bulaklak at ang matandang Babae**

Noong unang panahon, may isang matandang babae na may magandang hardin ng mga bulaklak sa tabi ng lawa, malapit ang matanda sa mga mangingisdang naninirahan sa kalapit baryo. Madalas na bumibisita ang mga mangingisda at ang kani-kanilang pamilya sa matandang babae upang magbigay ng isda kapalit ng ilang magaganda at mababangong bulaklak mula sa hardin. Naniniwala ang mga mangigisada  na mayroong angking kapangyarihan ang matandang babae dahil palaging nagliliwanag ang kapaligiran at may kasamang magandang babae at duwendeng tumutulong sa pag aalaga ng mga tanim.Sinubukan nilang tanungin ang matanda ngunit sinabi nito na wala siyang kasama.

Isang araw ay may isang mag asawa na bumisita sa baryo at Nakita nila ang Magandang hardin. Pumasok sila at namitas ng mga bulaklak ng walang pahintulot. Nakita sila ng matanda at pinakiusapang umalis na lang ang mag ito, subalit pinagtawanan lamang nila ang matanda dahil sa hitsura nito. Dahil sa kalapastanganan ng mag asawa ginawa sialng kulisap ng matanda. Noon din ay nagbagoa ng anyo ng dalawa .sila ay nagging paru-paro at bubuyog. Nakita na lamang ng mga taga baryon a may mag kulisap na dumadapo sa mga bulaklak.

Tanong 1: Sino ang mga tauhan sa kuwento?
Tanong 2: Saan nangyari ang kuwewnto?
Tanong 3: Ilarawan ang hardin ng matanda.
Tanong 4: Ano ang nangyari isang araw?
Tanong 5: Bakit may nakitang mga kulisap sa hardin ng matanda?

**Bahagi 5: Lesson Conclusion**
Time: 5 mins.

Manood ng isang kuwento sa Youtube o magbasa ng mga kuwentong pambata. Ibigay ang lagom o buod ng napanood, napakinggan, o nabasang kuwento.
Pamagat: ___________________
Tauhan: ____________________

**For inquiries or feedback, please write or call:**

Department of Education - Bureau of Learning Delivery (DepEd-BLD)
Contact Numbers: 8637-4366; 8637-4347; 8633-9347

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)
Contact Numbers: 8634-1072; 8631-6922

Email Address: blr.od@deped.gov.ph

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

MATATAG Bansang Makabata Batang Makabansa